HUMANITIES DILIMAN (JULY-DECEMBER 2021) 18:2, 160-219

# ANG REBOLUSYONARYA: Gunita at Pananalinghaga ng Makatang MAKIBAKA[1]

**Pauline Mari Hernando**
University of the Philippines Diliman

## Abstrak

Itinatampok sa papel na ito ang paglalandas sa panulaan ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) at ang ambag ng organisasyon sa panitikan ng Pilipinas. Inihaharap dito ang batayang ugnayan ng kontekstong pangkasaysayan at gawaing pampolitika at pangkultura ng mga kadre at kasapi ng MAKIBAKA na nagmarka sa mga tulang nanalinghaga at nagsalaysay sa bagong tipo ng pambansang pakikibaka. Nilandas ang panulaan ng MAKIBAKA upang maghain ng isang tipo ng pagsusuring pambansa-demokratiko at dialektikal-materyalista sa larangan ng panitikan. Ito rin ay para sa pagmapa sa naging kalinangang pangkultura ng rebolusyonaryong kilusang kababaihan sa bansa. Sa pamamagitan ng pagbasa sa mga tula, nahawan ang naratibo ng kasaysayan at ng mga magkakaugnay na sanhi ng tunggaliang panlipunan sa Pilipinas sa loob ng kalahating siglo. Matutunghayan sa mga akdang nagsisiwalat at sumisiyasat sa realidad ng kanilang panahon at lipunan na santuwaryo at sandigan ang panitikan sa mga manunulat na kababaihan. Matutunghayan rin sa pagsibol at paglinang ng panitikan ng MAKIBAKA ang puno't dulo ng pagsusulat upang magsilbi sa kilusang propaganda. Taglay ang materyal na danas at pagkatuto sa loob ng kilusan, naiguguhit nito ang obhetibong kondisyon at magkakaibang imahen ng tunggalian sa pagsuong sa masalimuot at madugong landas ng rebolusyon. Ang pagsulong sa kulturang mapagpalaya ng kababaihan ay naitampok sa pamamagitan ng masikhay na pagtatala at pag-ukit ng rebolusyonaryang manunulat sa dalumat ng bagong babae.

*Mga susing salita:* panitikan, MAKIBAKA, dialektikong materyalismo, kababaihan, rebolusyonarya

## Abstract

This paper analyzes the poetry of Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) and the organization's contribution to Philippine literature. It presents the primary relationship between historical context and the political and cultural tasks of MAKIBAKA cadres and members as articulated in poems which represent and recount the new form of national struggle. MAKIBAKA's poetry is mapped in order to propose a type of national-democratic and dialectical-materialist literary criticism, and to map the cultural development of the women's revolutionary movement in the country. Narratives of history and social struggle in the Philippines for half a century are uncovered by reading the poems. It is evident from the works that reveal and probe into the reality of their time and society that literature served as a sanctuary and shield for women writers. The inception and advancement of MAKIBAKA's literature also indicate the emergence of literary writing in order to serve the propaganda movement. As the works convey the material experiences and lessons in the movement, they inscribe the objective conditions and distinct images of the struggles that advanced to the complex and bloody path of the revolution. The advancement of women's emancipatory culture was presented through passionate documentation and engraving of images by the revolutionary writers of the new woman


*Keywords:* literature, MAKIBAKA, dialectical materialism, women, revolutionary

## Pambungad: Ang Pingkian ng Rebolusyonaryo sa Kasaysayan at Panitikan

Metapora ang rebolusyon na umiral sa iba't ibang yugto ng panahon. Gaya ng pagbabago ng mga konseptong pangkalikasan at pang-astronomiya, may nagbago at nawala sa literal na pagpapakuhulugan dito mula sa malayang pagsasalin, pagpapalit ng panahon, at pagpihit ng kasaysayan ng isang lipunan. Ang konsepto sa astronomiyang *revolutio orbium coelestium* o paglibot ng mga bituin ang pinagmulan ng metaporang rebolusyon.[2] *Revolve* ang susing salita nito sa Ingles. "Pag-inog" naman ang katumbas nito sa Filipino. Kung titingnan ang literal na salin ng parirala sa Latin, pareho ito ng kahulugan sa Ingles at Filipino—pag-inog at pagbalik. Parehong sangkot ang kasaysayan at kultura sa mga puwersang nagtulak at inobasyong dulot sa pagbabagong ito. Kung may nanatiling orihinal na katangian ang salita mula sa Latin, ito ang pagtataglay ng puwersa at lakas.

May nagsasanga-sangang kahulugan ang rebolusyonaryo sa kasaysayan ng kritisismong pampanitikan at sa mga kilusang panlipunan. Mayroon ding dalumat ng rebolusyonaryo sa mga larangan ng sining na gaya ng dalawang nauna'y

kinakikitaan ng mga diskursong pangwika at pampolitika. Kung lalandasin ang simulain ng bawat rebolusyonaryo sa mga larangan sa humanidades at agham, mapupunang nag-uugat ito sa radikalismo na kalauna'y dinulutan ng mga improbisasyon.

Makauring paninindigan ng mga rebolusyonaryo, bilang mga dialektikong materyalista, ang paniniwalang bawat rebolusyonaryong akda ay nagkakanlong ng kongkretong kaalaman hinggil sa tunay at pundamental na ugat ng suliraning panlipunan. Isang makauring paninindigan ang pagsulat at pag-aaral ng mga akdang nagtataglay ng mga tiyak na integrasyon ng danas, hinagpis, at sakripisyo ng mga magsasaka, manggagawa, kadre, at pulang mandirigma ng mga kilusan. Binabanggit ni Epifanio San Juan na ang pag-unlad ng pagkatao ay batay sa pakikisangkot nito sa kaniyang paligid. Sinasaad niyang

> ang pagkatao, ayon sa 'Tesis Tungkol kay Feuerbach' ni Marx, ay singkahulugan ng praxis: ang tao ay hindi lamang binubuo ng kontemplatibong damdamin at pag-iisip kundi manapa'y nakikilala sa gawaing pandamdam at sa praktikal na pagkilos kasangkot ang mga bagay-bagay sa mundo. Anupat ang paglalapat ng pagbabago sa sitwasyon ng tao ay masinop at matalinong naisasakatuparan sa paraan lamang ng gawaing rebolusyonaryo. Samakatwid, ang tao'y katumbas ng kaniyang praktikal at rebolusyonaryong gawain upang mabago ang kalagayang panlipunan at ang pakikipag-ugnayan ng mga uri. (21)

Pangunahing tanglaw sa pananaliksik na ito ang mga kaisipang hango sa Marxistang teorya sa panitikan. Sa dialektiko materyalismong pananaw, itinuturing na instrumentong politikal ang panitikan dahil sa katangian nitong ipahiwatig ang mga kongkretong katayuan at danas sa pag-angkin at pagdiin sa gunita ng mga manlilikha ng teksto. Produksiyon ng ideolohiya ang pangkabuuang turing sa mga tekstong pampanitikan sa pag-aaral. Ang ideolohiya ay walang kongkretong hugis ngunit maaaring makongkretisa sa anyo ng mga teskto. Nauna na itong ipinaliwanag ni Louis Althusser sa pamamagitan ng pagtalakay sa ideolohiya at sa mekanismo, batayan, at proseso sa pag-iral nito. Kasaysayan ng uri ang kasaysayan ng ideolohiya. Ayon kay Althusser, tanging sa pamamagitan ng pagbasa sa tunggalian ng uri maipaliliwanag ang ideolohiya ng lahat ng kasalukuyang pormasyong panlipunan. Hindi imahinatibo kundi eternal ang tangkang pagsasakasaysayan dito dahil naisasalin ang operasyon nito sa pamamagitan ng materyal na praktikang panlipunan.[3] Ang imahinatibo sa usapin ng ideolohiya ay ang panlabas na pananaw o *world outlooks* sapagkat hindi ito tunay na tumutugon sa realidad. Nagmumula at naipapasa ang imahinasyong ito ng mga mapaghangad at mapang-abusong tao na patuloy na nananamantala sa pamamagitan ng pagpapakalat sa tiwarik na

pananaw sa lipunan gaya ng paniniwalang dapat may maghari at may paghariang uri. Sa ganitong sistema, gumagana ang pagmanipula sa tunay na kondisyon ng lipunan (Althusser 162-63).

Pinagagana ng ideolohiya ang bawat mamamayan. Abstrakto ang anomang pagkilala sa reproduksiyon ng relasyon sa paggawa hanggang hindi nito maiuugnay sa tunggalian ng uri ang produksiyon o paggawa. Ang mga praktikang panlipunang una nang nabanggit ay nagiging operatibo sanhi ng pag-iral ng mga aparatong pang-ideolohiya. Sa Ideolohikong Aparato ng Estado lumalabas ang tipo at hibo ng ideolohiyang nais ipatupad at pamayanihin ng naghaharing uri at ang anyo ng ideolohiyang nais tayain at hamunin ng pinaghahariang uri. Mayroong batayang materyal ang ideolohiya (Althusser 171-73). Makabuluhang sabihing nananagisag ang ideolohiya sa kongkretong anyo ng suheto nito. Binibigyang-turing ng ideolohiya ang mga tao bilang suheto.

Sa pagsusuring pambansa-demokratiko sa panitikan, integral ang pagsipat sa ideolohiya ng indibiduwal, kolektibo, at kilusan upang madalumat ang kaakuhan ng manunulat sa arena ng rebolusyonaryong pakikibaka—at sa kaso ng Pilipinas—sa matagalang digmang bayan. Esensiyal ang pagbasa sa mga lumilitaw na ideolohiya sa mga akdang pampanitikan ng isang aktibong kilusang panlipunan. Ayon kay Terry Eagleton, maaaring tingnan ang ideolohiya sa pagmapa ng teksto—ang tipo ng produksiyon, tunggalian, at reaksiyon sa tiyak na panahon at espasyo (64). Pinatitimo sa pagkakataong ito na ang talab ng ideolohiya sa teksto ay susuhayan ng mga gawaing pangkultura at salik pangkasaysayan upang higit na masapul ang operasyon ng suheto o ng teksto sa pinagsisilbihan nitong lipunan.

Upang episyenteng maihatid ang mga rebolusyonaryong akda sa mga mambabasa mula sa magkakaibang hanay, kinakailangan munang ipaunawa sa mga manunulat ang magkakaibang larangan sa pakikidigma at ang pamamaraan sa pagpapatatag ng ideolohiya. May makabuluhang binabanggit si Ruth Firmeza, isang rebolusyonaryang manunulat mula pa noong dekada 1970, hinggil sa pagkilala ng mandirigma sa isang larangan:

> Ang rebolusyon ay hindi lamang paligsahan ng armas at tagisan ng mga hukbo, labanan din ito ng mga kaalaman at diwa. Ang kultura ay isang larangan din ng digmaan sa pagitan natin at ng kaaway. Dapat ay hasain at patalimin ang ating sandatang ito, dahil ang isang hukbong mapurol ay mahihirapang gapiin ang kanyang kaaway. (35)

Sentral na inilalahad sa itaas na pahayag na malawak ang gawain at pagsasanay sa pakikidigmang gerilya. Ang pakikibaka at pagsusulong ng mapagpalayang kultura ay kinapapalooban ng pagpapaunlad at pagpapatatag sa kolektibong prinsipyo

kaugnay ng kultura. Hindi maaaring iwaglit ng mga organo ng bagong Pambansa-Demokratikong Kilusan ang gawaing kaugnay ng pagpapatibay at pagpapasigla sa mga programang pangkultura nito. Lakip ang ideolohiya sa bawat pagsasanay, pagkatuto, at pagpapatatag ng buong rebolusyonaryong puwersa.

May magkasalungat na idealisasyon ang manunulat batay sa arena ng tunggaliang kinapapalooban niya. Gayundin, nakasalalay sa posisyon at komitment ng manunulat ang kaniyang produksiyong pampanitikan na hindi hiwalay sa pagsasakasaysayan ng mga malikhaing akda sa iba't ibang larangan ng pagkilos. Integral na bahagi ng komitment ang pagkilala sa mga suliranin at krisis panlipunan. Habang isinasabuhay, makikitang bahagi ito ng panlipunang proseso sa loob ng aktibong kasaysayan na kinasasangkutan ng mga tunay na pagbubuklod at pakikibaka (Williams 210). Sa ganitong gana isinasaalang-alang ang paliwanag ni Raymond Williams hinggil sa komitment at produksiyong pampanitikan. Pinaniniwalaang naaangkop ito bilang iskema sa pagsipat sa salaysay, naratibo, at talinghaga ng rebolusyonaryo sa panitikang Filipino ng MAKIBAKA sapagkat may pag-uugat ito sa batayang ugnayan ng mga tao at relasyong panlipunan. Batay sa pagpapalawig ni Williams, ang komitment ay linyado at alinsunod sa kamalayang taglay ng manlilikha. Itinuturing niyang isang praktikang panlipunan ang pagsusulat. Marapat lamang na taglay ng sinomang manunulat ang komitment ng pagtatala sa mga umiiral na relasyon. Dahil nagbabago ang iba't ibang sistema at relasyong panlipunan bunga ng pangkalahatang moda ng produksiyon o manipulasyong pang-ekonomiya, maaaring nadadala o naiimpluwensiyahan nito ang pagbabago ng komitment ng manunulat. Sa gayong gana magkakaroon ng pag-usbong ng mga bagong anyo at mekanismong pampanitikan o pangkritisismo. May pagkakaiba sa kalinangan at kamalayan ang manunulat sa loob ng rebolusyon kumpara sa mga manunulat na bihag ng kapitalismo at pasismo (204). Kung babalikan ang pagpoposisyon ni Gayatri Chakravorty Spivak sa mga naunang talakay ni Karl Marx hinggil sa kasaysayan at kabuluhan ng kilusang pagpapalaya sa kababaihan, matutunghayan ang paglulugar niya sa artikulasyon ni Antonio Negri tungkol sa pagsuri sa batayan at materyalidad ng akda. Para kina Spivak at Negri, sa paglaho at pagbaligtad lamang ng mga tendensiyang pangkonsumerismo mapapalaya ang isang suhetong rebolusyonaryo. Kung susumahin, ang naratibo ng danas sa kapitalismo, hatian ng paggawa batay sa kasarian, at ang pagsuri sa mga uring panlipunan ang wari'y mga ideolohikal na balon ng rebolusyonaryo (Spivak 61). Ang pagdalumat sa kombinasyon ng ekonomiyang domestiko at politiko-sibil ang modelong iminumungkahi ni Spivak sa pagsuri ng ganitong kategorya dahil nag-uugat ang modelo ng ganitong analisis kay Marx, partikular ang gampanin ng produksiyon at ekonomiya sa dalumat ng rebolusyonaryo. Sa ganitong gana, mahalagang balikan ang pagpapahalagang nakasaad sa *Ulos* (2006) hinggil sa balon ng rebolusyonaryong sining at kultura.

Ayon sa Artista at Manunulat ng Sambayanan, "nakabigkis sa kasaysayan ng kilusan sa pagpapalaya ng kababaihan ang makulay at mayamang sining at panitikan na pumapaksa sa rebolusyonaryong lakas ng kababaihan" (ARMAS 6).

Matutunghayan ang determinismong sinasalamin at sinasalunga ng mga manunulat sa partikularidad na makikita sa mga rebolusyonaryong akda at sa mga pamantayang ginagamit upang siyasatin ito. Sinasalamin nito ang pangangailangan ng kasalukuyang pakikibaka samantalang sinasalunga nito ang umaagos na mapanlikhang damdamin ng mga reaksiyunaryo, burgesya, at panginoong maylupa. Dito isinasaalang-alang ang makabuluhang talakay ni Caroline S. Hau tungkol sa pagtala ng kasaysayan ng mga hindi nasusulat o marhinalisado sa mga pangkaraniwang historiograpiya sa Pilipinas (127). Isa itong malinaw na metodo sa pagbasa sa panitikang rebolusyonaryo at pamamaraan ng pag-interoga sa manlilikha gamit ang dalumat ng "sarili" o pagtanaw at pagpapatanaw rito. Binalangkas ni Hau ang pagturing sa "sarili" at ang kaukulang silbi nito bilang pawang lehitimong suheto at obheto sa pag-alam. Maaaring tingnan ang diskurso ng paggalugad sa sarili bilang paggalugad sa identidad sa loob at lawak ng rebolusyon. Ang pingkian ng ideyang ito ay masisipat sa anomang "totoo" na nakasandig sa danas ng "sarili" sa pagtahak sa katotohanan at katiyakan ng pakikibaka. Pagdidiin niya, ang danas ay nalilikha at nakikilala sa loob ng sosyohistorikal at politikal na konteksto (119-46). At mahalagang pakaingatan dito ang pagbasa sa danas bilang proseso. Bagaman binuo ni Hau ang diskurso sa "sarili" mula sa pagtalunton sa politikal at kultural na kabuluhan ng talambuhay ng ordinaryong indibiduwal, umaakma ang kaniyang diskurso sa "kaakuhan" sa paghimay ng mga pundamental na kamalayan ng isang tao sa pagdalumat ng kalinangang pang-ideolohiya sa loob ng kilusang pambansa-demokratiko. Ang ganitong puna sa nagpapatuloy na marhinalisasyon ng mga pakikibakang magsasaka sa pambansang kasaysayan ay minsan na ring binigyang paliwanag ni Ma. Luisa Camagay. Ayon sa kaniya, mahalagang isaalang-alang ang metodo ng kasaysayang oral sa dokumentasyon ng kababaihan sa mga makabayang kilusan (124).

Kung iuugnay ang katurulan sa itaas sa isang pagdidiskurso ni Hau, nilatag ng huli ang pagsuri sa "sarili" sa loob at proseso ng *pagtamo ng danas* sa halip na *pagluwal bilang produkto*. Ang manunulat ay maaaring magkaroon ng ibang sarili batay sa kaniyang layon at posisyon—batay sa tiyak na gampanin at partikular na espasyo. Aniya, mahalagang kinokontekstuwalisa at pinoposisyon ang sarili sa usapin ng bansa bilang panlipunang lunan, sa isang takdang oras, sa kultura, sa kasaysayan, at sa loob ng realidad (Hau 121). Sa ganitong siste nagagawan ng pagsasakasaysayan at pagsasakasalukuyan ang sarili. Kung gayon, sumisibol ang panibagong porma ng historiograpiyang nagtutulak ng malaking gawain sa pagtalunton sa parehong sinasabi at hindi sinasabi ng teksto. Ang pagbasa at

pagsuong sa panitikang rebolusyonaryo ay may kahingiang suriin ang panlipunang katayuan at posisyong pang-ideolohiya ng manunulat. Giit pa ni Hau, ibang-iba ang paraan ng paghubog ng mambabasa at manunulat ng panitikang rebolusyonaryo kumpara sa mga panitikang nililikha at binabasa sa akademya (125). Magkaugnay ang pahayag niyang ito sa inilatag na lapit ni Patricia B. Arinto sa pagbasa ng mga rebolusyonaryong akda. Aniya, may malayong agwat ang politika at tunguhin ng mga rebolusyonaryong akda kumpara sa mga istiryotipo, anyo, at tradisyon sa paglikha ng burgis na panitikan. Diniin niyang mahalagang sumuong sa isang tipo ng pagsinsin sa kumbensyon ng pagsulat na umiiral kaalinsabay ng masalimuot at mahabang rebolusyonaryong praxis ng mga may-akda. Gayundin ang pag-alam kung paanong patuloy na lumilitaw sa mga naratibo, liham, at tula ang mga pangarap at pakikibaka ng kababaihang kumikilos sa ilalim ng mga organisasyong kabilang sa bagong Pambansa-Demokratikong Kilusan (Arinto 38-41).

Sa panulat ng MAKIBAKA, makikita ang katuturan ng binabanggit ni Hau na ang pagsusulat sa sarili ay paglikha ng dialogo at debate sa pagitan ng iba pang kasapi ng rebolusyonaryong kilusan. Sa madaling sabi, ito ay pag-ukit ng sarili sa loob ng tanaw-pangkolektibo: "Ang pag-aakda ng sarili ay pag-aakda ng kasaysayang panlipunan. Nag-uudyok ng pagkilos ang pagsusulat, pinaglalapit nito ang puwang sa pagitan ng teorya at praktika, sa pagitan ng sarili at ng iba" ("To write the self is to write social history. Writing spurs actions, closing the gap between theory and practice, between self and others."; salin ng may-akda; Hau 137).[4]

Pinasasapul ang ganitong pagmamalay hinggil sa pag-aakda ng sarili sa isang panukalang tahak ni Neferti Xina M. Tadiar sa pagsuri ng kasaysayan at materyal na anyo. Ayon sa kaniya, nagluluwal ng panlipunan at materyal na anyo ang parehong historyador at mga sagka sa pagtuklas ng katotohanan sa kasaysayan. Kung susuriin ang mga panlipunang salik sa pagtatala ng kasaysayan at pagbasa sa mga produksiyong pangkultura, hindi maihihiwalay ang pakikibakang pang-hegemonya—sa politika at ekonomiya—at ang nagbabagong naratibo ng tao/manlilikha/suheto. At sa pagitan ng prosesong ito ay may umiiral na "kawalang wakas." Ang dalumat ng pag-iral ng kawalang wakas ay ideolohikong pagbanggit ni Tadiar hinggil sa posibleng direksyon ng pagbasa sa kasaysayan. Aniya, ang mamamayan bilang mga suheto ng mga puwersang panlipunan, na kabilang sa mga nagtutunggaling kilusan tungo sa pambansang soberanya, ay nagpapatanaw ng partikular na kawalang wakas sa bawat yugto ng pambansang pakikibaka (*Fantasy Production* 169-71). Sa pagitan ng mga diskurso hinggil sa materyal na anyo na nagpapasilip sa nagpapatuloy na proletaryong pakikibaka, maaaring suriin ang uri ng pagwawakas ng mga tekstong pampanitikan ng mga rebolusyonarya bilang bahagi ng pagpapatuloy at kawalang wakas ng paglikha. Mahalaga ring siyasatin ang pagdidiskurso ni Tadiar sa mga akdang pampanitikan bilang alternatibong

pagsulat ng kasaysayan. Pinatutungkulan dito ang pagturing sa marhinalisadong danas sa lipunan bilang salik sa pagkilala at pagtala sa kontemporaneong panahon at pakikibaka. Sa ganitong gana maaaring isaalang-alang ang mga piling danas ng rebolusyonaryang makata sa pananaliksik:

> Ang mga akdang pampanitikan ay mga anyo ng mga pangyayaring isinasabuhay sa mga imahinasyon ng mga manunulat hinggil sa makasaysayang danas; sa ganitong paraan, ang mga ito rin ay teoretikal na perspektiba sa parehong naghahari at nalalabing lohika ng kultura sa lipunan. . . . Sa ganitong paraan itinuturing ang mga akdang pampanitikan bilang parehong etnograpikong materyal (etnograpiya ng panlipunang imahinasyon tulad ng sa aktuwal na buhay) at teoretikal na balon para sa pagsusulat ng alternatibong kasaysayan ng kasalukuyan, isang kasaysayang inilalapit ang malikhaing akda at transpormatibong kakayahan ng marhinalisadong danas sa lipunan at ang kanilang di-kinikilalang gampanin sa paghubog ng kontemporaneong daigdig.
>
> Literary works are figurations of possibilities of life that authors exercise in their imaginations of historical experience; in this way, they are also theoretical perspectives on both dominant and residual cultural logics of social life. . . . Literary works are thus treated as both ethnographic material (ethnography of social imagination as much as of actually lived life) and theoretical resource for writing an alternative history of the present, a history that foregrounds the creative work and transformative potential of marginalized social experiences and their unrecognized role in the making of the contemporary world. (Tadiar, *Things Fall Away* 17-18)

Mula rito, nagtatagpo ang mga diskurso hinggil sa kuwentong-buhay bilang kasaysayan. Sinusuhayan ito ng metodong ipinaliwanag ni Nancy Kimuell-Gabriel sa kaniyang "Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang Kababaihan ng Tundo, 1946-2008" (2012) kaugnay ng pag-aakda ng kasaysayang panlipunan. Ayon sa kaniya, mahalaga ang pagkilala sa kapangyarihan ng sarili at kaakuhan sa paglikha ng sariling kasaysayan. Pinatanaw nito kung paanong natatangi ang paraan ng paglikom sa mga indibiduwal na kuwentong-buhay upang maiposisyon sa makapangyarihang antas ang suheto ng salaysay. Itinampok niya bilang halimbawa ang tinig ng maralitang kababaihan sa pamamagitan ng mga salaysay at dokumento hinggil sa biktimisasyong nagtulay sa iba't ibang panahon. Mauunawaan tuloy na nagluluwal ng bagong panitikan ang proseso ng bahagian o paglalahad ng pakikibaka at punyagi sa porma ng kuwentong-buhay. Primarya ring nilatag ni Kimuell-Gabriel ang mahalagang pagtalunton sa isang simbolikong yugto ng kasaysayan—ang pagsisiyasat sa mga salik gaya ng samahan, kilusang masa, at kilusang lihim ng

kababaihan sa patuloy na pagdalumat ng sariling kasaysayan sa ispesipikong pook at pakikibakang kababaihan.

Ang pundamental na pag-iiba ng masa sa mga intelektuwal sa usapin ng paglinang sa politika at sa pilosopiya ay maaaring ipaliwanag sa aspekto ng proseso. Gaya ng kasaysayan, may kritikal na prosesong tinutugunan ang dalawa ngunit iginigiit ding hindi ito natatamo sa indibiduwal na pamamaraan. Ang kamalayan sa sarili ay nakabigkis sa dialektikong ugnayan. Nagbabago ang usapin ng kantidad at kalidad ng intelektuwal dahil sa natatanaw niyang pagbabago at pag-unlad sa pagkilos ng sambayanan. Istoriko ang prosesong ito sa bawat lipunan na bagaman tinaguriang determinismong mekanikal ay nagbibigay rasyunal sa pormasyon ng dalawang elemento sa isang lipunan. Konstruktibong magagamit ang ganitong pormula kaugnay ng kritisismo—ang pagsuri sa pag-iral ng panatisismong pilosopikal sa mga puwersa at organong pangkultura gaya ng panitikan.

Ang paninindigan, pagpapataas, at pagpapalaganap ng mga obrang pampanitikan gayundin ang mga pamantayang pampolitika at pansining nito ay nagbabago batay sa kahingian ng panahon at kasaysayan ng isang lipunan. Ayon kina Antonio Gramsci at Mao Zedong, ang pag-unawa sa sarili ay nakapaloob at gumagana sa loob ng mga pakikibakang pang-hegemonya;[5] na bago tumaas ang kabatirang pang-hegemonya, magsisimula ito sa rekognisyon ng tao sa sarili bilang nakapaloob sa partikular na puwersang pang-hegemonya (Gramsci 347-49). Esensiyal na sangkot dito ang mga tunggalian ng kaunlaran at reaksiyon na binibigyang paliwanag ni Jose Ma. Sison sa pamamagitan ng pagsuri sa kultura bilang repleksiyon ng ekonomiya at politika. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng paglalandas sa isang sangay ng kultura gaya ng panitikan. Dito pumapasok ang mga gampanin at usapin ng mga nasa larangang pangkultura ng kilusan hinggil sa organikong pag-iisa ng panitikan at pakikibaka. Pinag-uugnay ang kaisahang ito ng partikular na ideolohiyang proletaryong subok na sa mga lipunang may makasaysayang danas ng pakikibakang anti-kolonyal at anti-imperyalista (Sison 337). Ito ang malaking kaibahan ng mga umusbong na makabayang manunulat noong dekada 70 ayon sa pagsusuri ni Gelacio Guillermo. Ang partikular na kaibahang ito ay mailalandas sa pagkakatatag sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong dekada 30 kung saan sa unang pagkakataon sa kasaysayan ng pambansa-demokratikong panitikan, ay nakapaloob sa isang pangkalahatang kilusang ginagabayan ng pinakasulong na ideolohiyang proletaryo ang mga manunulat (*Ang Panitikan ng Pambansang Demokrasya* 34).

Nang ilabas noong 1988 ang *New Mass Art and Literature* (1974-1987) ni Kris Montañez, binigyang hugis ang mga rebolusyonarya sa panitikan at sining bilang mga tagapagsulong ng makabayan, siyentipiko, at makamasang produksiyong pangkultura. Samakatuwid, malaking bahagi ng paggawa ng malikhaing akda ay

kinasasangkutan ng  paglahok at pakikiisa sa pagpapabagsak ng mga pundamental na suliranin sa lipunan—ang imperyalismo, piyudalismo, at burukrata kapitalismo. Kung susumahin ang “rebolusyonaryo” batay sa pagkokonkretisa at paglalarawan ni Montañez sa sining at panitikan ng pambansang demokrasya, matutunghayan ang ilang pundamental na katangian nito: (a) bumabangga sa kolonyal, piyudal, at elitistang panitikan, (b) tumututol sa metapisikal at idealistang pananaw sa daigdig na sinusùsugan ng mga naghaharing uri sa lipunan, (c) dinadala ang mga pangangailangan at pangarap ng alyansang magsasaka at manggagawa (9-11). Mapapansing mas nakatuon sa makauring paninindigan ang pananaw sa rebolusyonaryo at wala itong pagpapatingkad sa usapin ng kasarian ng organisador, mandirigma, o kadre ng kilusan.

Malinaw na binabanggit ni Montañez na ang pangunahing daluyan ng rebolusyonaryong konsepto sa panitikan ay ang sonang gerilya sa pangunguna ng NPA (31). Samakatuwid, ang preliminaryong pagmumulan ng bulto ng mga datos materyal na siyang susuriin sa pananaliskik na ito ay hango sa mga kasapi ng MAKIBAKA na umanib o nagkaroon ng integrasyon sa NPA at kasalukuyang kumikilos sa larangan ng sonang gerilya. Pinaniniwalaang ang kanayunan ang sentral na arena ng armadong pakikibaka at dito primaryang magmumula at malilinang ang ganap at tunay na rebolusyonaryong manunulat. Pagdidiin ni Montañez:

> Ang kanayunan bilang pangunahing arena para sa pagsibol at paglinang ng rebolusyonaryong sining at panitikan ay naipaliliwanag ng katotohanang nasa kanayunan ang pangunahing anyo ng pakikibaka, ang armadong pakikibaka, at ang pangunahing nilalaman ng pambansa demokratikong rebolusyon, na tunay na reporma sa lupa, ay dito inilulunsad. . . .
>
> Bilang mga sandata sa kilusang propaganda at sa rebolusyong kultural, ang sining at panitikan ay gumaganap ng tungkulin na pagkaisahin ang masa sa batayang prinsipyo ng bagong tipo ng pambansang demokrasya; pukawin, organisahin at mobilisahin sila upang makipaglaban para sa kanilang mga interes. . . .
>
> Sa ganitong mga sanhi yumayabong ang rebolusyonaryong sining at panitikan sa kanayunan.
>
> That the countryside is the main arena for the emergence and development of revolutionary art and literature is explained by the fact that it is in the countryside where the main form of struggle, armed struggle, and the main content of the national democratic revolution, which is genuine land reform, are being carried out. . . .

> As weapons in the propaganda movement and the cultural revolution, art and literature function to unite the masses on the basic principles of national democracy of a new type; arouse, organize and mobilize them to fight for their own interests. . . .
>
> It is for these reasons that revolutionary art and literature flourish in the countryside. (Montañez 31-32)

Mahalagang dalumatin ang rasyunal ng pagbalikwas ng kababaihan sa patriyarkal at elitistang pamamaraan ng pagsulat ng kasaysayan. Ayon kay Lilia Quindoza-Santiago (1997), may kongkretong panitikang kakikitaan ng radikal na artikulasyon hinggil sa kahingian sa pagbabago o pakikibakang anti-kolonyal. Lumilinaw ang imahinasyong pangkasaysayan dahil sa mga datos at talang sumusuhay sa pakikisangkot ng kababaihan. Bagaman binabanggit niyang kailangan pa ng masinsinang pananaliksik at pagdalumat sa naratibo ng pormasyon at paglahok ng kababaihan sa Rebolusyong 1896, mayroon nang makabuluhang pahiwatig noon pa man na hindi lamang sa talababa at talahulihan ang espasyong dapat angkupan ng pangalan ng kababaihang may makasaysayang pakikisangkot at kontribusyon sa pakikibaka. Pinatutunayan ng pahayag ni Gelacio Guillermo ang ganitong pagpapahalaga sa kaniyang paglalagom hinggil sa "Sitwasyon ng Panitikan:"

> Ang pagsusulat para sa pambansa at demokratikong pagbabago ay nagsimula noong huling bahagi ng siglo 19, sa panahon ng pag-aalsa laban sa kolonyalismong Espanyol; nagpatuloy ito sa panahon ng pakikibaka laban sa kolonyalismong US, sa panahon ng Commonwealth at sa sumunod na pakikibaka laban sa pasismong Hapones, at kahit noong ikalawang hati ng dekada 50 na walang kilusang masa at armadong pakikibaka at maigting ang isteryang anti-komunista (*Ang Panitikan ng Pambansang Demokrasya* 34).

Ang sitwasyon ng panitikang binabanggit ni Guillermo ay hinggil sa sitwasyon ng malikhaing produksiyon ng mga organisadong manunulat mula sa mga kilusang panlipunan. Ang pag-unlad at pagpapatuloy nito ang kaniyang binigyang diin sa pamamagitan ng pagsuri at paglagom sa ideolohiyang pampolitikang gumagabay sa bawat manlilikha sa larangan ng kultura sa bawat kilusan.

Ang pagbibigay-diin sa mga manlilikha hinggil sa wastong pag-unawa sa Marxismo ang bahagi ng mga pagwawastong dapat gawin sa magkatuwang na larangan ng panitikan at armadong pakikibaka upang masagot ang pundamental na katanungang para kanino. Ipinaliliwanag ng teoretikal na premis na ito na ang paglikha ng mga rebolusyonaryong panitikan, ibig sabihi'y mga panitikang malay sa kasaysayan at tunggaliang umiiral sa lipunan at naglalayong banggain ang di-

makataong sistema, ay makakamtan lamang sa ganap at tapat na pagtalima sa rebolusyonaryong praktika at makauring pananaw. Dapat lutasin ang mga suliranin sa mga gawaing pangrebolusyonaryo sa pangkalahatan na siyang nag-uugat sa mga magugulong idea hinggil sa larangang pampolitika at dumadaloy sa larangang pangkultura. Ang paggigiit ng huli sa pagkakaisa ng motibo at epekto ng mga dialektikong materyalista ay importanteng muli't muling maipabatid sa lahat ng mga manunulat dahil ito ang salalayang prinsipyo upang higit na maunawaan ang wastong pagtugon sa mga pangangailangan sa pakikibaka.

Nagsasalimbayan ang sensibilidad ng rebolusyonarya sa mga pananaliksik at akdang pampanitikan sa Pilipinas. Ang pagsasakonteksto sa mga ito batay sa historikal at politikal na kaligiran ang pamamaraang higit na makasasapul kung paanong nahuhubog, nagbabago, naglalaho, o nagpapatuloy ang ganitong katangian ng babae at pagkababae sa kasaysayan ng kilusang panlipunan sa bansa. Sa ideolohikong pagtukoy sa magkakaugnay at magkakataliwas na dalumat ng rebolusyonarya, makabuluhang tanawin ang pag-iral ng samo't saring tunggaliang kinapalooban at ininugan ng salitang ito. Tunay na nakasalalay sa danas, praktika, at ideolohiya sa pagkilos ang malaking diwa at esensiya ng rebolusyonarya. Sa pagtatampok ng mga danas ng indibiduwal mula sa mga organisado at hindi organisadong puwersa sa lipunan, masisipat ang pamamayani ng diskurso sa tunggaliang pang-ekonomiya at imahinasyong/konstruksiyong kultural. Dito maaaring magbago ang kamalayang rebolusyonaryo sa kontekstong Filipino ng bagong pambansa demokratikong kilusan. Ang mga naunang pagdalumat ng mga teoristang dayuhan ay kinikilalang makabuluhan sa pananaliksik na ito dahil depinitibo ang aral ng kasaysayan hinggil sa pagbabagong kahulugan ng rebolusyonaryo sa lipunan. Sa papel na ito, kikiling ang pagdalumat sa terminong rebolusyonaryo sa konteksto ng bagong Kilusang Pambansa Demokratiko ng Pilipinas. Nililimitahan sa ganitong aspekto ang pag-aaral dahil sa mga esensiyal na danas nang Sigwa ng Unang Kuwarto at Batas Militar na siyang bungad na panahong sakop ng pag-aaral.

## Ang Panitikan ng Bagong Kilusang Pambansa-Demokratiko

Matatanaw na bahagi ng pangunahing konsiderasyon ng kababaihang mandirigma sa paglikha ang silbi ng mga materyal sa Kilusang Propaganda batay sa mga naitalang katangian ng panitikan ng pambansang demokrasya. Masisipat na alinsunod ito sa prinsipyo ng "pagpapalaganap sa pinakamalawak na masa ng mga adhikain, paraan, pwersa, at programa nito at pagmomobilisa sa kanila sa mga pangkalahatan at partikular na mga panawagan" (Guillermo, *Ang Panitikan ng Pambansang Demokrasya* 11). Ginagabayan din ang panitikan ng MAKIBAKA ng katurulan hinggil sa usapin ng Rebolusyong Pangkultura na pangunahing nakatuon sa "pagpapalaya sa isip at damdamin sa gapos ng reaksyunaryong kultura at ideolohiya" (12). Tinatalikdan ng

bagong panitikang ito ang praktika at pamantayan ng panitikang reaksiyonaryo. Makikita ang pagtatakwil ng mga burges na pamantayan at gawi sa paglalangkap ng mga manunulat sa empirikong datos batay sa aktuwal na pamumuhay ng mga rebolusyonarya sa kanayunan, paglalatag ng mga obhetibong pananaw sa kanilang pagkilos, paggampan sa mga gawain, at pagtugon sa hamon sa larangang gerilya at sa mga krisis panlipunan. Ang pagsulong sa kulturang mapagpalaya ng kababaihan ay naitampok sa pamamagitan ng masikhay na pag-ukit ng rebolusyonaryang manunulat sa dalumat ng bagong babae sa panitikan.

## Ang MAKIBAKA sa Loob ng Bagong Kilusang Pambansa-Demokratiko

Ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan o MAKIBAKA ang una at tanging rebolusyonaryong kilusang kababaihan sa Pilipinas. Ito rin ang pinakamatagal na aktibong kilusang pagpapalaya sa kababaihan sa buong mundo. Higit kalahating siglo na itong umiiral sa bansa mula nang opisyal na ilunsad noong 18 Abril 1970 (Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan 35). Nabuo ito nang Sigwa ng Unang Kuwarto at napabilang sa daluyong ng hayag na militanteng pakikibaka ng mga bagong demokratikong kilusan noong bungad ng dekada 70. Dalawang taon ito naging hayag na kilusan noon at tuluyang idineklarang ilegal, kasama ng iba pang militanteng organisasyon, nang sumiklab ang Suspensyon ng Habeas Corpus at nang ipatupad ang Batas Militar noong 21 Setyembre 1972. Kasalukuyang nasa ika-49 na taon na ito bilang kilusang lihim.[6] Isa ito sa 18 na kasaping organisasyon sa ilalim ng Pambansa Demokratikong Prente ng Pilipinas (o National Democratic Front of the Philippines). Malinaw ang pagiging anti-imperyalista, anti-burukrata-kapitalista, at anti-piyudal ng linyang pampolitika, pang-ideolohiya, at pang-organisasyon ng MAKIBAKA sa mga kampanya at panawagang inilunsad nito. Parehong pinamunuan at nilahukan ng MAKIBAKA ang maliliit at malalaking pagkilos sa Kamaynilaan upang igiit ang samo't saring eksploytatibong kalagayan ng kababaihang Pilipino sa loob ng maikling panahon ng pagiging hayag na militanteng organisasyon. Sa kasalukuyan, nananatiling aktibo sa pag-oorganisa ang MAKIBAKA sa kalunsuran at kanayunan bilang tagapanguna sa kilusang pagpapalaya ng kababaihan sa bansa (Hernando, "Ang Kasaysayan" 61-102).

## Pananalinghaga sa Panahon ng Unang Sigwa at Batas Militar

Taong 1971 nang ilathala ng MAKIBAKA ang kanilang unang publikasyon. Pinamagatan itong *Makibaka!* at taglay nito ang "Pangkalahatang Ulat sa Unang Taong Pagkakatatag," 17 artikulo, isang panayam, isang salin ng sanaysay, dalawang dagli, at isang tula.[7] Dito rin unang lumabas ang unang bersiyon ng "Awit ng Makibaka." Ito lamang ang nag-iisang magasin ng MAKIBAKA-Sigwa ng Unang Kuwarto bilang hayag na organisasyong pangmasa. Sa pagsiklab ng Batas

Militar, ipinagbawal ang paglalathala ng publikasyon mula sa lahat ng pambansa-demokratikong organisasyon. Naging kilusang lihim ang MAKIBAKA at kasabay nito ang lihim ding paglilimbag ng mga reportahe at manipesto.

Sa tanging nalathalang magasin noong 19 Abril 1971 lumabas ang unang tulang isinulat ng dalawang kasapi ng MAKIBAKA. Pinaksa nito ang pagkasawi ng unang martir ng organisasyon sa welgang nilahukan nila noong Araw ng mga Manggagawa taong 1970. Sa okasyong ito napaslang si Elsa "Ka Liza" Balando sa harap ng lumang Kongreso (Center for Women's Resources 61).

Naging kasapi si Ka Liza Balando ng MAKIBAKA noong 1970.[8] Taong 1962 nang lumuwas siya sa Maynila mula Leyte upang manilbihan bilang kasambahay. Kalaunan ay naging tindera bago namasukang manggagawa sa Rossini's Knitwear Factory sa Caloocan taong 1965 (Arriola 86). Naorganisa siya ng MAKIBAKA at naging kasaping-tagapagtatag ng unyon sa Rossini's. Buhat nang maging aktibo, lumahok siya sa mga piket at protestang pinamunuan ng kanilang unyon. Nakiisa siya sa malawakang demonstrasyon sa Araw ng mga Manggagawa noong 1 Mayo 1970 sampu ng libo-libong anakpawis na nakikibaka sa malakolonyal at malapiyudal na sistema. Lubhang malakas ang daing ng mamamayan sa mababang pasahod at mataas na presyo ng mga bilihin. Ginanap sa harap ng lumang Kongreso sa Maynila ang taunang pagkilos sa Araw ng mga Manggagawa. Kasama ni Balando ang iba pang MAKIBAKA mula sa hanay ng kabataan-estudyante, maralitang kananayan, at mga manggagawa.

Naging marahas ang PC-Metrocom sa pagtitipon ng mga manggagawa. Nagpaulan ng bala ang tropa ng mga PC mula sa mga bintana ng lumang Kongreso at kabilang si Balando sa tatlong militanteng brutal na nasawi. Tinatayang isa sa pinakamalagim na multisektoral na pagkilos ang nangyari. Binansagan itong May Day Massacre sanhi ng pagkakasawi at pagiging sugatan ng mga militante.

Pinagsanib sa tulang "Mga Alay kay Ka Liza" na inakda ng dalawang makata mula sa MAKIBAKA ang imahen ng pakikibakang kababaihan at manggagawa sa konteksto ng proletaryong pakikibakang anti-imperyalista.[9] Inilalarawan sa unang bahagi ng tula ang buong-loob niyang paglahok sa kilusan at ang masikhay na pagsasabuhay sa prinsipyo nito. Isa ang welga o kilos protesta sa mga madulang pangyayaring lalahukan ng isang aktibista sa loob ng buong panahong pagkilos sa loob ng bagong Pambansa-Demokratikong Kilusan. Ang welga sa tulang ito ay inilalarawan bilang suplementong gawain sa politikal na pag-unlad ni Balando. Sinimulan ang akda sa pagpanaw ng musa. Ang tumamang bala na nagdulot ng "daing" at "sakit" ay maaaring tingnan bilang mga dobleng pananalinghaga sa marahang paglalarawan sa kalikasan ng buhay sa loob ng proletaryong pakikibaka:

Narinig ko ang iyong daing nang ikaw ay matamaan
Habang bala'y umuukit sa puso, nang dahan-dahan
Namasid ko sa iyong mukha ang sakit na naramdaman
Samantalang unti-unting nanghina ang katawan.

Nakaya mo pang pumanaw na sa labi ay may ngiti
Habang dugo ay simpula ng damdaming sumisidhi
Buong tapang mong binaka ang kaaway nitong lahi
Mapambusabos na dayuhang nilalait ang iyong uri. (46)

Naikintal sa isip at diwa ng mga kasama ni Balando sa araw na iyon ang kaniyang katatagan sa pakikibaka sa gitna ng karahasan at kawalang katiyakan sa hanapbuhay. Dalawang kongkretong pangako ang iniiwan ng mga sumunod na saknong: una, hindi lamang sa gunita nakatala ang kaniyang alaala kundi sa mga pahina ng progresibong aklat pangkasaysayan. Tunay nga, ang pangalang Elsa Balando ang isa sa mga pangunahing nililok sa Bantayog ng mga Bayani.[10] Itinanghal ng kaniyang mga nakasama ang mga ambag niya sa kilusang paggawa at kilusang kababaihan. Ikalawa, ang pakikibakang kaniyang nilahukan ay hindi magwawakas sa kamatayan kundi sa pagsulong at lalong pagpapasigla rito:

At ngayon nga, o ka Liza, kasaliw ng aming awit
Sa aklat ng kasaysayan isa ka sa nakatitik
Bayani ng kababaihan sa gawa at pag-iisip
Simulai'y nataguyod hanggang buhay ay nadawit.

…………………………

Ipaghihiganti ka, mangangahas na lumaban
Hanggang api'y di titigil, isusulong ang kilusan
Hindi nga ba sagigsag ng dangal at kadakilaan
Kung tulad mong malulugmok nang dahil sa inang bayan. (46)

Implisito ang imahen ng Mayo 1 sa unang tula hinggil sa martir ng MAKIBAKA. Buo ang paglalarawan nito sa salot na lumulumpo at kumikitil sa buhay ng mga manggagawang Pilipino. Makikita rin namang higit pa sa sagisag ng kilusang welga ang Mayo 1:

Mayo 1- kaarawan ninyong manggagawa
Kinitil nila ang buhay mo dahil
Ika'y nakikibaka
Laban sa dayuhang imperyalista.

Sagisag ka ng malayang kababaihang Pilipina
Na nakababatid ng tungkulin sa bayang api.
Sa yapak mo'y laksang kaluluwa ang susunod,
Sa diwa mo'y ilan naman kayang buhay pa ang puputiin? (46)

Ang huling dalawang saknong naman ang bumuo sa pangakong maapoy na landas ng pakikibaka. Taglay ng huling apat na taludtod ang baga, lagablab, at apoy bilang metapora ng daratal na araw sa pakikibakang kababaihan. Iwinawaksi nito ang sentimentalismo sa paglisan. Sa halip tinatanggap nitong gintong baga ang kamatayang pumapanday sa patuloy na pakikibaka ng "Libong Liza:"

At sa lupa mong kinalugmuka'y
Libong Liza ang tatayo
Na silang magpapatuloy
Pakikibaka mong inuntol!

Kaya't kasamang Liza,
Ang pagyao mo'y isa na namang gintong baga
Na dadagdag sa naglalagablab
Na apoy ng himagsikan. (46)

Maliban sa nag-iisang tulang nalathala sa unang magasin ng MAKIBAKA noong 1970 na likha ng dalawang kasapi nito, ang mga tulang napabilang sa mga publikasyong hayag at lihim ay sa tagapangulong-tagapagtatag nito na si Ma. Lorena Barros. Ang aktibong pakikisangkot sa gawaing pangkultura ng kilusan kasabay ng pagiging pinuno ng tanging militanteng organisasyong pangkababaihan noong dekada 70 ang magkatuwang na katangiang nagpakilala sa panulaan ni Barros.[11] Maraming tula at iba pang akdang pampanitikan si Barros subalit ang depinitibong mga akdang nabuo buhat nang pagsapi sa MAKIBAKA ang piniling mapabilang sa pananaliksik na ito.

Isa sa pinakapopular na tula ni Barros ang "Sampaguita" na unang nalathala sa mga publikasyong hayag. Alay ito sa kaniyang nakarelasyon na si Felix Rivera, aktibista mula Unibersidad ng Pilipinas Diliman na umanib sa NPA noong unang kuwarto taong 1971. Ang pagkasawi ni Felix sa isang engkuwentro sa Isabela noong Marso 1971 ang sitwasyong pinaglunduyan ng talinghaga ng kagitingan. Uminog sa pagtutulad sa sampaguita at kadre ang kagitingang kinikilala ng persona upang bigyang diin na ang kamatayan ay panibagong pagsibol. Payak, puro, at munting gaya ng sampaguita ang mga kasamang nabuwal sa digmaan. Dumadaloy ang mabangong halimuyak nila sa hanging sinasamyo ng mga sumunod na mandirigma. Una ang "Sampaguita" sa panulaan ni Barros na hayagang nagmusa sa hukbong

bayan at sa rebolusyonaryong kilusan. Matingkad sa tulang ito ang pagdakila sa armadong puwersa bilang sandigang lakas ng kilusang mapagpalaya:

This morning Little Comrade
gave me a flower's bud
I look at it now
remembering you, Felix,
dear friend and comrade
and all the brave sons and daughters
of our suffering land
whose death
makes our blades sharper
gives our bullets
surer aim.

How like this pure white bud
are our martyrs
fiercely fragrant with love
for our country and people!
With what radiance they should still have unfolded!

But sadness should not be
their monument.
Whipped and lashed desperately
by bombed-raised storms
has not our Asian land
continued to bloom?

Look how bravely our ranks
bloom into each gap.
With the same intense purity and fragrance
we are learning to overcome. (94-95)

Ang pananalinghaga sa pamumulaklak ng rebolusyonaryong kilusan ay hindi lamang nahirati sa paglalarawan sa kalikasan. Matayog na porma ng pagtatanghal sa ibayong kalinangan ng babae ang inilaan ni Barros sa tulang "Ina." Ispesipiko ritong tinukoy ang mapagpasyang paglahok ng kababaihan sa armadong kilusan. Ipinakikila sa tula ang inang umalagwa sa imahe ng piyudal, burges, at kolonyal na kultura. Dalawa ang dulog ng salitang "ina" sa kabuuan ng tula. Una, ang mapagkalingang magulang at ikalawa, ang reboluyonaryang ina. Narito ang kabuuan ng tula:

Ina

Ano ang isang ina?
Mayamang hapag ng
gutom na sanggol
Kumot sa gabing maginaw
Matamis na uyayi
Tubig
sa naghahapding sugat

Ngunit ano ang isang
komunistang Ina?

Maapoy na tanglaw
tungo sa liwayway
Sandigang bato
Lupang bukal ng lakas
sa digma.
katabi sa labanan at
alalay sa tagumpay
Ang ina ko

Nakalaan ang tula sa kaniyang inang si Alicia Morelos. Ipinaloob ito sa huling bahagi ng isang liham na may petsang 11 Hulyo 1973. Isa nang P.O. (political officer) si Barros sa panahong ito sa sonang gerilya sa Sorsogon, Bicol. Sa unang pagkakataon, gumamit siya ng sagisag-panulat nang isulat ang tulang "Ina." Nakatala ang sagisag-panulat na Cita Tagumpay sa dulong bahagi ng akda.[12]

Hapag, kumot, uyayi, at tubig ang ina sa unang saknong. Mga katangiang tumutukoy sa mapagkalingang magulang. Ang mga positibong imahen na ito ang higit na pinatatag at pinatapang sa ikatlong saknong. Dumaan sa transpormatibong yugto ang unang inang inangkupan ng matitimyas na pananagisag. Panibagong konstruksiyon ng pagkababae ang binuo ng komunistang ina. Pinatingkad sa dulong saknong ang politikal na pakikisangkot ng ina. Hindi na sanggol ang kaniyang tangan kundi armas. Makikita ang makauring paninindigan ng komunistang ina mula sa paggampan sa mas malawak na responsabilidad. Malinaw na iginuguhit dito ang bagong pagpapahalaga sa ina bilang rebolusyonarya kasabay ng paglalapit sa kongkreto at makabuluhang posisyon ng babae sa rebolusyon.

Ilang taon matapos isulat ang unang tula hinggil sa hukbo, nalikha ang "Rosal" na siyang huling dokumentadong akda ni Barros.[13] Hunyo 1975 ito nasulat habang

gumagampan siya sa pagiging pangkalahatang-kalihim ng Partido sa Timog-Katagalugan. Inihaharap niya rito ang isang matatag na pagtugon sa panahong may karupukan ang ilang kasama gaya ng pagtalikod sa kilusan. Isa iyon sa naranasan ng makata sa pagbaligtad ng dating asawang si Ramon Sanchez. Hindi nalathala sa anomang publikasyon ang tula at maingat lamang na naitago ng mga kasamang nakapiling niya sa sonang gerilya:

Green leaves white flower
white moon
I think of soft black hair
framing a bony face, and pain
like burning coal
sears my mind's fingers.
Because I have seen too much
of suffering among our people
to ever forget what I must love
and hate
how can I say I love you still?
You have turned your back
on this noble undertaking,
this one thing that is pure
and beautiful in our lives,
this epic war for freedom.
So how can I say I love you still?
Yet it is true
your memory like darkness
loath to flee before the dawn
is with me still—
a ghost, a monstrous demon
that must be exorcised!
I wake up mornings
in a dream of doubt:
Shall I have strength enough
to win this fight?
Next year shall this broken bush
bear new white blooms?
Wind from the southwest blows
warm and gentle kisses
upon the sierra's tips.
The sea is sweetly calm.

The Kalaw's call
is like a bugle song
summoning the new day.
I must take heart
from all this serene joy!
History marches ever forward
Our people shall have peace
and victory shall heal
each battle wound
with the fragrance of
white flowers.

Hindi nagbago ang pagtanaw niya sa dakilang prinsipyo ng kilusan. Ang pagsisilbi sa at pagsusulong ng proletaryong pakikibaka ang parehong sangkap na nagsusustina sa mayabong at masamyong mga bulaklak gaya ng Rosal. Gaya ng sampaguita, puti ang likas na kulay ng rosal na nananagisag sa dalisay na hangarin ng sambayanang lumalaban. Kasabay ng pagkapagal at pagkasawi sa pakikibaka, taglay ng mga kadre, aktibista, at hukbo ang pangako ng muling pagbangon at pagsibol.

Replektibo sa mga tulang bumabalaybay sa rebolusyonaryong tungkulin ng kababaihan ang realidad ng malawakang paglahok ng kanilang hanay sa armadong kilusan. Kung kaya't hindi nakapagtataka ang paglikha ng mga kontra-rebolusyonaryong propaganda ng estado sa panahong ito upang sagkaan at pasinungalingan ang mismong paglaganap ng mga puwersa ng bagong Pambansa Demokratikong Kilusan.

Naipamalas ng rehimeng Marcos ang tangkang pagpapahalaga nito sa kapasidad ng kababaihang Pilipino sa pamamagitan ng Presidential Decree No. 633 noong 1975. Binibigyang paliwanag ng kautusang ito ang paglikha ng pambansang komisyon para sa gampanin ng mga Pilipina. Sinabayan ni Pang. Marcos ang deklarasyon ng United Nations na una nang ipinahayag ang 1975 bilang Pandaigdigang Taon ng Kababaihan na may temang "Equality, Development and Peace."[14]

Isinabay ng rehimeng Marcos sa agos ng bagong programa ng UN ang kautusan upang ikubli ang lumalawak na rebolusyonaryong kilusan. Interesante ring tingnan ang pagkakaluklok sa Unang Ginang bilang tagapangulo ng komisyon. May pagdidiin ang dekreto sa pagtatampok ng mga aktuwal na kondisyong nagtutulak sa opresibong katayuan ng kababaihang Filipino gaya ng pagiging maybahay.

Ang sinseridad ng layon ng PD No. 633 bilang propagandang nagtatampok sa kakanyahan ng kababaihang Filipino ay lubusang napasinungalingan ng mga

istorikong pangyayari nang panahong iyon. Ipinamalas ng MAKIBAKA sa parehong taon ang pagsuspinde sa mga aktibidad ng organisasyon upang tanganan ang mas mataas na antas ng proletaryong pakikibaka laban sa tinagurian nang diktadurang US-Marcos. Hayag sa politikal na hakbang na ito ang lubusang pagtangan ng MAKIBAKA bilang alyadong organisasyon ng Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas (Manalo, "Riding the Winds of Change," 7).

Lalong madarama ang kakitiran sa impormasyon ng PD No. 633 hinggil sa tunay na sitwasyon ng kababaihang Filipino kung mababasa ang lagom at talakay hinggil sa ika-11 punto sa programa ng National Democratic Front of the Philippines para sa kababaihan (NDFP National Executive Committee 12-13). Ang probisyong ito ng NDFP ang kapansin-pansing tunay na nakasapul sa praktikal at kongkretong gampanin ng kababaihan sa rebolusyonaryong pakikibaka.[15] Ito ang mga diwang pilit pinaglalaho o winawala sa PD No. 633. Narito ang sipi mula sa ika-11 punto ng programang inilahad ng NDFP:

- Ang pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya ay kaugnay ng pakikibaka para sa pagpapalaya sa kababaihan;
- Tanging sa pagpapabagsak sa dayuhan at piyudal na pamumuno at pagwasak sa iba pang estrukturang nagtutulak sa patriyarka maitatatag ang batayang kondisyon sa pagpapalaya sa kababaihan;
- Tanging sa pagtangan sa layuning pagpapalaya sa kababaihan makakamit ng rebolusyon ang malakas na puwersa ng kababaihan kaugnay ng tungkuling palayain ang bansa at ang lipunan.
    - » The struggle to free our nation and society is intertwined with the struggle to liberate women;
    - » Only by overthrowing the foreign and feudal rule and smashing other social structures that buttress patriarchy can the basic condition for the liberation of women be established;
    - » Only by taking up the cause of women's emancipation can the revolution fully unleash the mighty force of women in the task of liberating our nation and society.

Maliban sa pagkakatatag ng Pulang Destakamento ng Kababaihan (PDK) o Red Women's Detachment (RWD) ng NPA noong huling kuwarto ng 1972 sa Isabela[16] at sa Kanlurang Visayas noong 1974, madarama ang malawakang pagbabago sa agos ng rebolusyonaryong kilusan sa tuluyang paglahok dito ng kababaihan mula sa iba't ibang saray ng lipunan (Araneta). Isang kongkretong implikasyon ng programa sa kababaihan ng NDFP ang pagkakabuo ng unang pulutong ng kababaihang

pulang mandirigma noong 1977 sa isang sona sa malayong bahagi ng Hilagang Luzon. Mayroon itong 34 na kababaihang hukbo na pawang naglilingkod bilang kumander ng pulutong, pinuno ng iskuwad, at pinuno ng grupo. Tuluyang dumagsa sa panahong iyon ang kababaihan sa Hilagang Luzon at sa iba pang sonang gerilya upang umanib sa NPA (del Fuego 21-23).

Dama ang lalong pagsigla ng kasapian ng kababaihan sa armadong kilusan sa pagitan ng mga taong 1984-1985 nang sunod-sunod ang naging tagumpay ng NPA sa mga paglulunsad ng taktikal na opensiba sa mga kampong militar. Lulan ng determinasyong supilin ang rebolusyonaryong puwersa sa buong bansa, lubhang sumahol ang puwersang militar ng gobyerno sa pagtugis sa mga hukbo na kinabibilangan na ng bultong kababaihan. Sa panahong ito sumibol at sumigla ang bagong pananalinghaga mula sa kanayunan tungong piitan.

Hitik sa lagom ng mga danas at paggunita sa loob ng bilangguan ang mga tulang umusbong noong kasagsagan ng unang yugto ng Batas Militar. Umagos at nag-iwan pa rin ng bakas ang katangiang ito noong dekada 80 hanggang dekada 90.

Nakalikha si Barros ng ilang tula sa loob ng mga piitan sa pagitan ng Oktubre 1973 at Nobyembre 1974. Nakulong siya sa Camp Vicente Lim sa Laguna at kalaunan ay inilipat sa Ipil Rehabilitation Center sa Fort Bonifacio. Gaya ng iba pang mga bilanggong politikal na tukoy ang partisipasyon sa armadong pakikibaka, isa si Barros sa mga may mabibigat na kaso at malabong makalaya. Nasulat niya rito ang mga tulang "Ipil" at "Yesterday I Had a Talk" na pawang tumutukoy sa pangungulila at pagtangis ng bilanggong politikal. Naunang isulat ang tulang "Ipil" na taglay ang positibong pagtanaw sa proletaryong pakikibaka.[17] Nagsimula sa himig ng paglulunggati ngunit nagtapos sa maalab na pangako ng pakikibaka ang tula. Muling isinangkot at pinagana ang elemento ng kalikasan gaya ng dahon upang itampok ang pagsibol ng mas masikhay na puwersa ng mamamayan. Ideolohikong iniaangat ng makata ang pagyabong ng kilusan dahil sa prinsipyong pinaninindigan ng mga aktibista, kadre, at hukbong binibigyang tinig ng persona.

> Ipil is harder to bear
> without you
> A leaf falls beside my hand;
> already it is memory
> like hours spent together
> Grief at parting is like
> A tear shed for a leaf,
> pain assuaged
> by the promise of a new bud
> at the tip
> but our friendship draws

its sustenance
from the rich soil of people's war.
It will continue to grow
and bear fruit
for the people.

Gaya ng "Ipil," may bahid ng pagtangis na madarama sa tulang "Yesterday I Had a Talk." Ito ay sanhi ng pagkakadakip kay Ramon Sanchez na isa ring kadre. May petsang 9 Hunyo 1974 ang tula. Sa buwan din ng Hunyo nahuli si Sanchez na kalauna'y bumaligtad sa kilusan at humingi ng amnestiya sa pamahalaang Marcos.

Yesterday I had a talk
with an old man
who had your eyes–
The same laughing squint
hiding a watchfulness
that catches even hints
of rainbows.
He spoke to me of patience
in his voice a whole season . . .
you have endured
the first minute
of your own dark season–
Ah, I can bear to think of it
only when I can see your smile!—
comrade, dear friend
teach me how not to flinch
through mine.

Kumpesyunal ang tula. Taglay nito ang isang pananambitan sa dalawang kadreng sinubok ang paninindigan sa loob ng piitan. Sa magkahiwalay na selda pinagtagpo ni Barros ang pagkakatulad ng mga madilim na yugto sa bilangguan. Kung kaya ito ang puno't dulo ng pag-unawa niya sa pagtitimpi at pagtitiis. Nakabubuo ng ibang anyo at antas ng pamamarikala ang makata sa imaheng dulot ng selda. Higit itong mapanghamon sapagkat hinahalinhinan ng bakal na rehas ang armas at balang dating tangan ng kanilang palad.

Nasulat naman sa loob ng Camp Crame ang tulang "Waling-waling" ni Judy Taguiwalo nang makulong siya sa ikalawang pagkakataon noong 1984. Naging kasapi ng MAKIBAKA-Sigwa ng Unang Kuwarto si Taguiwalo at kalaunan ay nag-organisa sa kanayunan. Pinaksa niya sa tula ang bagong ina sa loob ng piitan. Ginugunita ng

persona rito ang hinahangaang kumander ng HMB na nakasama sa kanayunan. Sa loob ng piitan nanumbalik sa makata ang alaala ni Coronacion Chiva o Waling-waling dahil sa mga sitwasyong umiral sa buhay ng persona habang nakabilanggo. Dalawang makabuluhang pangyayari sa buhay ng persona sa loob ng Camp Crame ang nagtulak sa kaniyang pananariwa sa yumaong kasama. Una, ang pagsisilang ng sanggol at ikalawa, ang pagiging ina sa loob ng selda:

Lagi kitang naalaala
Lalo na ngayon
Tulad mo, sanggol ko'y
    isinilang din sa daigdig
    na hugis kuwadrado
Tulad mo, pag-asa'y di nawawala
Patuloy na pinaalab ito
    ng hanging nagdadala
    ng dagundong ng mga paa,
    mga sigaw na di kayo nag-iisa.
At ng halimuyak ng mga Waling-waling
    di lamang sa bundok at gubat Madyaas
    kundi sa buong Pilipinas. (47)

Naranasan ng persona sa loob ng bilangguan ang dalawang makabuluhang yugto sa buhay ng isang babaeng mandirigma. Ang alaala ng magiting na rebolusyonarya ay nagdudulot ng inspirasyon, ng pag-asa, at ng katatagan sa gaya niyang umiinog ang buhay sa apat na sulok ng "hugis kuwadrado." Ang buhay at karanasan ni Waling-waling ay nag-ambag sa malalim na pag-unawa ng persona sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. Sa huli, matatanaw ang mataas na moral ng persona hinggil sa kaniyang naging danas bilang ina at bilanggong politikal. Sa pamamagitan ng pananalinghaga sa isang makabuluhang yugto sa buhay ni Waling-waling, inilahad nito ang optimistiko at palabang tinig sa kabila ng opresibong kondisyon sa loob ng piitan.

Isa naman si Silvia Madiaga sa mga makata at kadre ng MAKIBAKA buhat pa noong dekada 70. Tumungo siya sa kanayunan sa gitnang yugto ng Batas Militar at sumapi sa NPA. Nasugatan siya sa isang engkuwentro, nahuli ng kaaway, pinahirapan, at ibinilanggo. Pagkalabas sa bilangguan ay kumilos sa lungsod upang muling mag-organisa sa MAKIBAKA. Bumalik siya sa kanayunan noong dekada 90 at kumikilos pa rin doon hanggang sa kasalukuyan.[18]

Taglay ang makukulay na karanasan sa kanayunan sa panulaan ni Madiaga. Karamihan sa mga ito ay nasulat sa mga sonang gerilyang kaniyang napuntahan sa Timog Luzon, Sentral, at Kanlurang Visayas. Bagaman nasa ibang wika, sinikap itong isalin sa Filipino ng makata mismo at ng ilang kasama niya sa larangan

ng propaganda. Itinala ng kaniyang panulaan ang kalikasan at kontradiksiyong nararanasan ng pulang mandirigma sa loob ng armadong kilusan.

Hinggil sa patuloy na paglulunsad ng mga matagumpay na taktikal na opensiba sa larangang gerilya ang tulang "Baryo Cuco, 1983." Orihinal itong nasulat sa wikang Bikolano noong Marso 1984. Ginawan ito ng salin sa Filipino ng mismong makata. Nasa tugmang isahan ang kabuuang tula. Walang tiyak na bilang ang mga taludtod nito, ang iba ay lalabindalawahin, ang ilan naman ay lalabintatluhin at mayroon ding lalabing-apatin at lalabinlimahin. Nakaambag sa pagiging matulain nito ang paglalagay ng malalakas na katinig sa tugmaan upang ilarawan ang maaksiyong pangyayaring inilalahad sa akda.  Isang taon matapos magkaroon ng kauna-unahang reyd buhat nang matatag ang larangan sa Baryo Cuco, Pasacao, Camarines Sur, nangyari naman ang opensiba ng mga hukbo noong 23 Hulyo 1983. Ayon kay Madiaga, ginawa ang taktikal na opensiba ng bagong tatag na pulutong ng mga pulang mandirigma sa larangan laban sa isang pulutong ng mga militar:

> Nakatindig ang detatsment sa may paaralan;
> Para sa depensa, pader ang inaasahan
> Pero kung pakaisipin, wala namang kalaban
> Kundi ang pagkakaisa ng mamamayan.
>
> …………………………
>
> Ang organisasyon naming noo'y nakatayo,
> Kabutihan ng magbubukid ang dulot nito.
> Pagdating ng militar, agad nilang iginupo,
> At dinakip lahat ang mga namumuno.
>
> Ngayon, ang gusto ng militar na mangibabaw
> Ay kapangyarihan ng asenderong sa kanila'y sumusulay
> Kaya nga sila dito ngayo'y nagbabantay
> Upang pagsamantalahan ang aming kabuhayan.
>
> Kahit ang mga ina, itong mga babae,
> Wala nang katahimikan sa tahanang sarili
> Kung maisipang pasukin ng lasing na armi
> Walang magawa ang kawawang pobre.
>
> …………………………
>
> Alas syete ng gabi, beynte-tres ng Hulyo,
> Gumagapang palapit ang mga gerilyero.

Mga impormasyong amin isinalo
Gagamitin na ngayon ng sarili naming hukbo.

…………………………

Walang bawas ang hukbo sa nangyaring laban;
Takot namin ngayo'y napalitan ng kasiyahan.
Armas at karanasan lahat nadagdagan;
Lakas para sa sundalo ng sambayanan.

…………………………

Sa ating maralita naman, aral na matatanto:
Hindi makatatangol ang pader at bato.
Walang katulad na lakas ang pagkakaisang nabuo
Ng mamamayan at ng kanilang hukbo.

May bagong detatsment na muling itinatag
Sa baryo Cuco, pwersa ng armi'y pinalakas.
Patuloy ang abuso, patuloy ang pangdadahas;
Isang pamilya sa kanilang granada'y nilagas.

Ipagpatuloy nila ang mga pang-aaping ito
Patuloy naman kami sa aming pagkilos na tago;
Pagbigay ng suporta, impormasyon sa hukbo,
Di magtatagal ang pagdating ng bagong bagyo! (linya 1-4, 9-20, 29-32, 73-76, 81-92)

Taglay ng tula ang kongkretong halimbawa ng pagkapukaw, pag-organisa, at pagkilos ng taumbaryo laban sa pananamantalang militar na kanilang dinanas. Isang alyadong masa ang persona sa akda na bumalaybay sa naging pagbabago sa katayuan ng payapa nilang baryo. Isang ligalig ang bumalot sa dating tahimik at payak nilang pook. Nagbuklod ang mga taga-Cuco nang simulan ang pagtatatag ng isang detatsment ng militar sa paaralan. Militarismo sa kanayunan ang kontekstong politikal ng tulang ito. Ipinakikitang sa hinog na kondisyon ng walang humpay na operasyon at sabwatan ng mga sundalo't asendero, uusbong ang mapanlabang diwa't damdamin at lalago ang kamulatang pampolitika ng mga aping mamamayan. Ang suporta ng "kami" sa paparating na "bagong bagyo" ay pananalinghaga ng persona sa demokratikong kapangyarihang pampolitika ng mamamayan sa kanayunan.

## Gunita ng Rehas at Rebolusyong Agraryo sa Pagsasara ng Dantaon 20

Iba rin ang mukha ng pakikibaka sa lungsod. Ito ang diwa ng sumunod na tulang dumadalumat sa tipo ng karahasang ipinapamalas ng puwersa ng gobyerno sa siyudad. Isang pananariwa sa diwa ng Mendiola bilang sentrong hugpungan ng kilos protesta sa Maynila ang sumunod na tula ni Madiaga. Naisulat noong Pebrero 1987, taglay ng tulang "Sa Mendiola" ang talinghaga sa espasyong nagkakanlong ng madugong kasaysaysan. Dumatal sa ganitong katalagahan ang persona sa pamamagitan ng pagbalaybay sa makasaysayang masaker sa Mendiola at kung paano ito nagkaroon ng nagtutunggaling kabuluhan sa pagitan ng sambayanan at ng pamahalaan:

> Di ko na maalala kung maulap o mainit
> Nang panahong paglalakad
> Sapat nang maalalang umuusok ang lansangan
> at nagbabaga ang poot
> Ng mga kapatid kong pinukpok, binugbog, dinukot
> Tinugis, tinumba, tinadtad ng tingga
> Hanggang mangabuwal sila
> Sa Mendiola
> Di ko rin maalala kung ang narinig na daing
> ay mula sa labi ng mga Adelfa't Danilo;
> O mula sa pagtutol ng libu-libong puso
> Alam ko lang na may isang neneng naghihintay
> Sa pag-uwi ng magulang
> na naging bangkay
> Sa Mendiola
> Hindi ko alam kung natamnan na
> ang mga naiwang bukirin
> Na magbibigay buhay sa bayan kong dinusta
> Alam ko lang na tanim na ng aking mga kapatid
> Ang mga ugat ng paglaya
> Na dugo ang naging binhi
> Na kami ang aani
> Sa Mendiola

Taglay sa bawat saknong ang ebidensya ng karahasang lumapat sa Mendiola nang ilunsad dito ang brutal na pagpaslang sa mga militante at magsasaka. Pinakamatingkad na inilalarawan ng persona ang Mendiola Massacre o Black Thursday na naganap noong 22 Enero 1987 sa panahon ng panunungkulan ni

Corazon Aquino. Isang panginoong maylupang presidente laban sa libo-libong magsasakang nakikibaka para sa makataong repormang agraryo—ito ang duwelong kinapalooban ng 13 nagmartir na magsasaka nang tunguhin nila ang Malacañang upang direktang ipaabot kay Pang. Corazon Aquino ang kanilang panawagan para sa makatarungang repormang agraryo. Malupit ang tugon ng huli. Hindi magsisimula sa kaniyang termino ang umento sa sahod ng mga magsasaka lalo pa ang pamamahagi sa lupa. Kung kaya't napakahalaga ng pagbanggit sa mga pangalan sa ikalawang saknong. Isa sina Danilo Arjona at Adelfa Aribe sa 13 nasawi kasama sina Dante Evangelio, Bernabe Laquindanum, Leopoldo Alonzo, Roberto Caylo, Angelito Guiterrez, Sonny Boy Perez, Rodrigo Grampan, Dionisio Bautista, Ronilo Dumanico, Roberto Yumul, at Vincent Campomanes mula sa pagpapaulan ng mga bala ng mga sibilyang militar at kapulisan (Ellao).

Ang armadong puwersa ng gobyerno ang tumugon sa kahingian ng pangulong sanggain ang bultong puwersa ng mga magsasaka. Nagpakalat ng mga anti-riot na sibilyan at ahenteng panseguridad ang Task Force Nazareno at Western Police District na sasangga sa tinatayang halos 15,000 pinagsanib na puwersa ng mga militante at magsasaka (Ellao). Isang panandang bato ang Mendiola sa kasaysayan ng pakikibakang agraryo at pagbubuwis ng buhay ng marami sa ngalan ng reporma sa lupa. Ang pag-aakda ni Madiaga sa tulang ito ay malinaw na nagpapakitang kaisa ng mga magsasaka ang kababaihan sa pag-aakda sa istorikong pangyayari sa lunang gaya ng Mendiola.

Sa deklarasyon ng todong digmaan ng rehimeng Corazon Aquino noong 1987, umiral ang biktimisasyon sa kababaihan sa iba't ibang porma gaya ng pangmamasaker, ekstrahudisyal na pamamaslang, at sapilitang pagkawala. Dumoble ang bilang ng mga pangyayaring ito mula sa operasyon ng pagsosona at reyd ng mga militar at paramilitar sa loob ng mga detensyon. Naitala ng TFD o Task Force Detainees sa unang kuwarto ng 1989 ang 70 kababaihang bilanggong politikal (Manalo, "Mainstream," 18). Sa parehong taon, sinikap pagtakpan ng rehimeng Corazon Aquino ang panibagong kalapastanganan sa kababaihan nang ilunsad nito ang "Philippine Development Plan for Women" (PDPW) sa isang seremonya sa Malacañang noong 08 Marso, Pandaigdigang Araw ng Manggagawang Kababaihan.

Nakaprogramang ipatupad ang PDPW sa loob ng mga taong 1989 hanggang 1992 sa pangkabuuang balangkas ng Medium Term Development Plan (MTDP) mula 1987-1992. Ayon kay Madiaga, malinaw na pagpapatuloy ng planong pang-ekonomiya o MTDP ni Pang. Marcos ang kay Pang. Corazon Aquino. Nakasandig ito sa pandaigdigang merkado ng pag-eeksport at nakatuon lamang sa paglago ng Gross National Product (GNP) na pinakikinabangan lamang ng transnasyunal na mga kompanya at ng International Monetary Fund-World Bank (IMF-WB). Iniulat ng

*Liberation* sa parehong taon ng implementasyon ng PDPW ang relatibong katayuan ng ekonomiya ng bansa:

> Noong 1988, ang paglahok ng kababaihan sa puwersa ng paggawa ay tumuntong lamang sa 46.3% (kumpara sa 82% na kalalakihan). Tinatayang dalawa ng katlong bahagi sa mga walang trabaho o di-naayon sa kasanayan ang trabaho ay kababaihan. Mahigit sa 80,000 kababaihang nagtatrabaho bilang 'taga-aliw' at 76,000 bilang kasambahay sa ibang bansa ang walang tiyak na proteksyon mula sa gobyernong Aquino. Nagpapatuloy ang pagkalat ng AIDS at iba pang nakahahawang sakit na naipapasa sa pakikipagtatalik sa mga pasilidad ng Amerikanong militar at iba pang pasyalan ng mga turista, nang walang kongkreto at komprehensibong polisiya ng gobyerno ukol sa pagpapagamot ng mga nagkasakit na kababaihan at kanilang mga pamilya. Patuloy na ginagawang kahabag-habag ang kababaihan dulot ng malnutrisyon, pagkasawi ng mga ina, pagkasawi ng mga sanggol, at kawalan ng tirahan. Umaabot sa 80 ang nasasawing mga ina sa bawat 1,000 nanganganak sa Pilipinas, isa sa pinakamataas sa buong mundo. Kalahati ng kabuuang bilang ng mga nagpapasusong ina ang natuklasang kulang sa mga pagkaing sagana sa protina at iron. Sinasagad na ang bulsa ng mga nanay sanhi ng mga pagbulusok ng presyo ng mga batayang bilihin, serbisyo, at utilidad. Ibinunyag ng isang pag-aaral noong 1988 na 538 na kababaihan mula sa 10 sektor sa Luzon, Visayas, at Mindanao ang may karaniwang buwanang kita lamang na P742.82, lubhang mababa sa P2,500 na *poverty line*.
>
> In 1988, the labor force participation of women stood at only 46.3% (compared to 82% of men). About two-thirds of the unemployed and underemployed are women. More than 80,000 women employed as 'entertainers' and 76,000 as domestic helpers abroad are not assured of protection by the Aquino government. AIDS and other sexually transmitted diseases continue to spread around the US military facilities and tourist areas, with no firm and comprehensive government policy for the treatment of the afflicted women and their families. Malnutrition, maternal mortality, infant mortality, and homelessness continue to make the lives of women miserable. There are up to 80 maternal deaths in 1,000 live births in the Philippines, one of the highest rates in the world. Half of the total number of lactating mothers have been found to be deficient in protein and iron rich food. Skyrocketing prices of basic commodities, services and utilities are straining the housewives' purse strings to the limit. A 1988 study involving 538 women from 10 sectors in

> Luzon, Visayas and Mindanao revealed that average household monthly income was P742.82, way below the poverty line of P2,500. (Manalo, "Mainstream," 18)

Ang todo-digmang patakaran ng rehimeng Corazon Aquino at ang PDPW ang dalawang hakbang na naglayong mabalaho ang paglawak ng militansyang kababaihan sa pamamagitan ng mga hayag na militanteng organisasyon sa kalunsuran. Kung paanong pinatatag ang rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan sa bansa ay maaring masipat sa panulaang umusbong sa loob ng dekadang ito.

Isa sa pangunahing makata sa panahong ito mula sa rebolusyonaryong kilusang kababaihan si Adora Faye De Vera. Dalawang ulit siyang nakulong at dumanas ng karahasang militar sa bilangguan (noong 1976 at 1982) at nakalaya lamang noong 1984. Habang nagpapagaling sa mga huling taon ng dekada 80, umanib siya sa hayag na organisasyong kababaihan sa lungsod at nag-organisa ng kababaihan mula sa iba't ibang saray ng lipunan. Ang unang danas niya bilang bilanggong politikal ay malagim na trahedyang lumilok sa kaniyang gunita at naglapat ng matatalim na talinghaga sa kaniyang panulaan. Muli siyang bumalik sa kanayunan at naging pulang mandirigma noong dekada 90.

Ang kaniyang tulang "Ang Bilanggo sa Ikawalong Palapag" ay paglalarawan sa pisikal, emosyonal, at sikolohikal na katayuan ng isang bilanggong politikal. Babae ang bilanggo. Sa unang walong taludtod inilalarawan ang tipo ng pagtitiyak ng seguridad ng mga kaaway upang huwag makatakas sa kanilang kustodiya ang nahuli. Isinisiwalat ng pinakamataas na palapag, ng kinandadong pinto, ng nirehasang bintana, at dagdag na mga guwardiya ang anyo ng espasyong laan sa bilanggo. Guwardiyado at saradong-sarado. Ito ang regulasyong pinaiiral at pinagbabatayan ng mga elementong nagpaparatang sa bilanggong "subersibo:"

> Ikulong siyang mag-isa
> Sa pinakamataas na palapag
> Tiyaking ang tatlong pinto'y may kandado
> At lahat ng bintana'y may rehas.
> Lagyan ng gwardya sa loob
> At dagdagan pa sa labas
> Dahil ang babaeng lumpo
> Ay baka makatakas. (67)

Tiningnan din bilang banta ang salita at awit ng babaeng bilanggo. Ang labis-labis na paghihinala hanggang sa dulong bahagi ay ipinaliliwanag ng pag-aalala ng persona hinggil sa panaginip ng babae. Irasyunal at walang lohika ang gayong pagtatakda sapagkat tila pinalulutang nitong heneriko at absolutong subersibo ang

lahat-lahat sa nakabilanggo. Isang subersibo mulang ulo hanggang paa, mulang awit hanggang pag-iisip, mulang pagmulat hanggang pagpikit:

> Huwag pakikinggan ang kanyang mga awit
> Nang hindi malito ang payapang pag-iisip
> Pati sa kanyang pagtulog, bantayan nang husto
> Baka ang panaginip niya'y subersibo. (67)

Ang salitang subersibo ang ugat sa pagkakabilanggo ng babae. Pinagsasalita nito ang kaaway bilang persona upang ilatag ang namamayaning rason sa gitna ng pasismo. Ang mga bilanggong politikal ay katotohanang likha rin sa panahon ng diktadura. Sa buong panahon ng Batas Militar, hindi kailanman inamin ng rehimeng Marcos ang pagkakaroon ng mga bilanggong politikal sa kabila ng pagsulputan ng mga baraks ng PC, paglobo ng populasyon ng mga nakapiit sa mga kampong militar, at pag-usbong ng mga *safehouse* sa kalunsuran at sa kanayunan. Iginiit ng rehimeng Marcos na hindi sila bilanggong politikal dahil walang nakulong batay sa kaniyang politikal na paninindigan. Inaresto at ikinulong sila dahil sa paglabag diumano sa Batas Anti-Subersyon o R.A. 1700.

Madarama ang pinagtambal na pagtangis at pangungulila ng persona sa "Desaparecido, Ilang Taon Ka nang Nawawala." Isang pagtatanghal sa malawak at malalim na sakripisyo ng rebolusyonaryo ang tula hinggil sa kasamang sabay na nawalay at nawala sa gitna ng pakikibaka. Mula sa pagtatakda ng pamagat hinggil sa nawawala, masisipat ang dalawang dulog ng akda sa mambabasa: una, ang pag-iral ng militarismong dinaranas ng mga mamamayang namumulat sa mga tunggaliang panlipunan at ikalawa, ang mapait na trahedya ng kanilang paglaho dahil sa pakikibaka:

> Hinahanap-hanap ka sa payapang dagat
> Sa bawat kislot na aking maaninag.
> Pinaghahanap ka sa tilamsik ng alat
> Sa bula, sa kislap ng bawat lagaslas.
>
> ……………………….
>
> Maging ang buhangin ay pinagtanungan
> Kailan aabot ang dalampasigan;
> Hapag-kainan ba ang paghahandaan
> O korona't ilaw ang 'yong kailangan?
>
> ……………………….

Lamunin ng laot ang aking hinahon,
Pangamba't pagluha'y sa hangin itapon!
At iwanang payak ang pasyang magsulong,
Pasyang tumangan sa talim ng hamon.

Hahanapin kita sa angil ng punglo,
Sa tinik ng gubat, silahis ng sulo.
Ipagtatanong ka sa libong kamao,
Kaway ng bandera't dagundong ng maso.

Hahanapin kita sa lunting bukirin,
Sa ngiti ng sanggol, sa himig ng hangin.
Kung sa paglaya na ang 'yong pagdating
At wala ka roo'y, hahanapin pa rin. (52-53)

Sentral na imahen ang kalikasan sa akda na siyang tumutukoy sa tindig ng personang hindi siya bibitiw sa paghahanap. Pinaliliwanag ng imahe ng dagat, dalampasigan, at bukirin ang susuunging landas at lawak ng persona hanggang matagpuan niya ang nawalang kasama. Malinaw ang hindi nito pagtatakda ng hanggahan sa panahon at sakop upang ilarawan ang hindi pagsuko at paghinto sa paghahanap. Sinisiwalat kung gayon na hindi binibigyang puwang ng persona ang kapagalang pisikal, emosyonal, at sikolohikal. Sa halip, humahango rin ito ng dagdag na lakas sa pagyakap ng "dagat at langit" o sa walang hanggang pagtiklop ng bawat araw.

Higit na matalim ang pananalinghaga sa ikapitong saknong gamit ang mga imahe ng sandata at sagisag ng rebolusyong masa. Sa paghahanay sa punglo, sulo, kamao, at maso iniaangat nito ang politikal na kapangyarihan ng rebolusyon sa pagtatagumpay. Nililinaw na mismo ng mga elementong ito ang pagsusulong ng pakikibaka sa kabila ng mapapait na trahedyang dinaranas sa bawat yugto ng pagkilos. Ang talim at talas ng mga sandata at ang lawak at lalim ng dagat, bukid, at himpapawid ang pinagsanib na tugon ng persona sa salimuot ng pasismong dinaranas sa estado. Kongkretong pangako rin ito sa kilusan ng pagsulong sa kabila ng pag-iral ng malulungkot na sirkumstansya sa rebolusyon.

Nalikha noong Marso 1995 at nalathala sa *Ulos* noong Oktubre 2006, ang tulang "Awit ng Karet" ni Silvia Madiaga ay bahagi ng patuloy niyang pananalinghaga sa katangian ng armadong kilusan. Taglay ang sukat na lalabing-animin, dalawang sesura, at tugmang isahan, ang tula ay binubuo ng sampung saknong. Pinagagalaw sa kabuuan ng akda ang matalim na kagamitang pansakahan upang kumilos sa

pamamagitan ng himig at melodiya. Nanunuot ang malalakas na tunog ng katinig gaya ng sa salitang “karet” upang mamayani sa kabuuan ng teksto ang lagitik at dagundong na nais iparinig ng makata sa mambabasa. Isang awit ang karet na may malakas na tinig. Ito ang sentral na paksang handog ng personang naluluoy sa alingawngaw ng himig ng karet:

> Dinggin ang awit ng karet, ito ay awit ng buhay,
> Himig ng busog na maya, nakayukong gintong uhay,
> Ng mga kabang mataba’t mga pinagpalang kamay
> Na nagtanim ng pangarap sa bawat butil ng palay.
>
> …………………………
>
> Ngunit ang awit ng karet ay awitin din ng hapis,
> Isang dalit ng pagluha, paniniil at pasakit
> Ng lupaing pinagyaman ngunit inagaw ng pilit;
> Kapangyarihang inangkin ng panginoong limatik,
>
> …………………………
>
> Ang mga butil ng poot na hinasik nang tagtanim
> Pang-aapi ang pataba sa lupaing inalipin
> Ng panginoong maylupa’t pinunong nagmamagaling;
> Mahihinog sa paglao’t paglaban ang aanihin.
>
> Pagkat ang awit ng karet ay isang awit ng tapang
> Ng mga Dagohoy, Malong, Matienzo’t Gabriela Silang
> At libo pang magbubukid na kahit walang pangala’y
> Yumanig sa mga haring katutubo at dayuhan.
>
> At ito’y awiting martsa ng bawat nilapastangang
> Kaluluwa ng Mendiola, ng Culasi at ng Lupao;
> Sa lambak at kabundukan kung saan may kaapihan
> Magsasaka‘y nakatindig at di lang karet ang tangan.
>
> ……………………….
>
> Ang awit ng karet ngayo‘y awit na ng pagbabangon
> Ng pagtutuos sa utang ng ilanlibong kahapon;
> Sa sigaw ng inalipi‘y awit na dumadagundong:
> Katarunga‘t kalayaan sa lahat habang panahon! (45)

Uminog ang imahen ng karet sa kasaysayan ng pagiging instrumento ng pag-ani at pagtatanggol. Instrumento itong tanging nakaaarok sa hirap at hapis ng mga kinalyong kamay at sunog na balat sa paglinang ng mga uhay, butil, at palay. Katuwang ang karet sa tubigan at kaingin ng mga uring kakambal ng bukirin. Ito ang sukdulang saksi sa dugo't pawis na pinupuhunan ng uring magsasaka sa kanayunan, at dugo't pawis na ninanakaw ng mga lintang asendero. Kung kaya't ito ring karet, ayon sa ikatlong saknong, ang kasamang nadarang sa pambubusabos ng mga panginoong maylupa sa mga magsasaka.

Hindi lamang paniniil ng mga asendero ang nasaksihan ng karet. Nang umagos ang panawagan ng mga magsasaka mula kabukiran hanggang kalunsuran, saksi ang karet sa pangil ng pasismo. Umugit ang panlilibak sa mga lansangan sa kasaysayan ng pag-awit nito. Ito ang mukha ng sakripisyong hanguan niya ng melodiya at ritmo dahil ang karet ay hindi humihinto sa pag-awit. Hindi ito nahihimpil na mapoot sa nang-aapi. Kung ang awit ng karet ay awit ng buhay at awit ng hapis, ibinabandila ng persona ang isa pang tunay na diwa ng awit ng karet. Ito ay awit ng pagbangon.

Testamento ang karet sa mga krisis na nakaugat sa piyudal at kapitalistang pananamantala sa uring magsasaka at sa lahat ng anakpawis. Naglalakbay ang himig nito sa buong bansang may uring api at mapanlaban. Taglay ng tula ang madulang pagpepersonipika sa isang instrumentong nanagisag sa uring tunay na demokrata at mapagpalaya. Buhay at nagpupugay ang awit sa sambayanang nagpapatuloy at nagsusulong ng rebolusyonaryong mithiin.

## Ang mga Rebolusyonarya sa Ulos

Maliban sa *Malayang Pilipina*, ang opisyal na pahayagan ng MAKIBAKA, naging tampok din ang gawa ng mga kasapi at kadreng MAKIBAKA sa espesyal na isyu ng pangkulturang diyornal ng Pambansa-Demokratikong Kilusan na *Ulos*. Lumabas ito noong Hunyo 2006. Ito ang unang pagkakataong naglabas ng isyu ang *Ulos* taglay ang mga tula, maikling kuwento, at liham na likha ng kababaihang aktibista, ng mga kadre mulang CPP, ng mga pulang mandirigma, at ng mga kasapi ng MAKIBAKA sa kalunsuran at kanayunan (ARMAS, *Ulos*, 9).

Una sa hanay ng panulaan dito ang tatlong imahe ng kababaihan sa tulang "Ang Tagapagsilang" ni Kasamang Sirius. Lumalangoy ang unang saknong sa paglalarawan sa sala-salabid na kaapihang dulot ng piyudal-patriyarkal na sistema. Ang makabuluhang banggit sa kusina at kama ay pagtukoy sa materyal na praktis ng paglulubog sa domestisidad sa asawa at magulang na babae. Sa kulturang burges at piyudal, mapupunang sa tahanan pilit sinesentro ang birtud ng babae:

I Ina

Manlilikha tayo ng isang lipunan
Tagapagluwal ng buhay na inunan
At katuwang rin sa paghuhulma.
Ngunit Inalipusta, sa kahon isinilid
Buhay nami'y nakakulong sa kusina
Nakagapos ang mga kamay sa kama

II Anak

Kami ang nilikha mula sa inunan
Ang siyang mga tagapagbayad-utang
Walang boses, pagkat alipin ng edad
Ang aming kapalaran ay nakasaad
Ginuhit sa palad ang pagkabusabos
Magsilang ng musmos na hikahos

III Makibaka

Ang kapalaran ko'y hindi itinakda
Talos kong hindi guhit ang mapagpasya
Armas na tangan ay armas ng paglaya
Kalasag ay paninindigan sa masa
O babae, mag-aklas: wag pangambahan!
Tayo ang magsisilang ng kasaysayan (12)

Umaagos ang pamana ng piyudal na kostumbre at ideya sa ikalawang saknong kung saan nananatiling walang tinig ang anak. Sa unang saknong, inilulugar ang ina bilang "tagapagluwal ng buhay na inunan." Ang buhay na inunan sa ikalawang saknong ang siyang magiging "tagapagbayad-utang." Kalauna'y magluluwal naman ang anak ng "hikahos na musmos." Ito ang siyang tuntungan ng maringal na pagbalikwas at pagbangon ng tagapagsilang sa huling bahagi ng akda.

Iwinawaksi ang imaheng kinulong sa kaapihan at pambubusabos, sumibol ang personang malay sa panibagong konstruksiyon ng kaniyang katawan. Isang mapagpasyang mandirigma ang bagong tagapagsilang. Humuhulagpos siya sa gapos ng tahanang nagluwal ng katawang walang kalayaan at panay kalapastanganan. Ang pagkadarang sa malupit na danas sa ilalim ng gapos ng piyudalismo ang nagtulak upang maiguhit niya ang bagong sarili—isang rebolusyonarya.

Ang daigdig ng pagawaan naman ang lunang inilalarawan ng makatang si Kasamang Chynna sa tulang “Ina ng Lipunan.” Ang patahian ang espasyong itinuturing ng personang nagnakaw sa kapangyarihan ng inang manggagawa. Ang kapangyarihang ito ay kaugnay ng kakayahang imulat at palayain ang sarili sa ispesipidad ng batas sa pagawaan. Alipin ang manggagawa sa ilalim ng batas ng kapitalismo. Ito ang sistemang umaanay sa kaisipan at lintang sumisimot sa lakas ng mga sahuran. Sa ganito umiinog ang pagtatakda ng persona sa inang hinubog bilang pinagsasamantalahang entidad sa daigdig ng pagawaan:

Sa araw ikaw ay aliping sahuran
Kamkam ng iba ang ’yong pinagpaguran
Minsa’y ilaw ng tahanan, bansag sa ’yo
Ngunit walang laya at inaabuso

Bakit di ka mag-aral at magbalikwas?
Batid mong higit pa ang ’yong maaambag
Sa pagpapalaya ng kababaihan
Sa pagwawasto ng ating kasaysayan

Huwag kang magpaalipin sa makina
Ika’y tagalikha ng yaman ng bansa
At di ka lang basta ilaw ng tahanan
Babae kang dapat ina ng lipunan

Bumangon ka mula sa dusa’t kumilos
Oras nang baguhin sistemang gumapos
Kung rebo ang tatapos sa kaapihan
Di ba dapat lang armas ang ’yong tanganan? (14)

Pagtatanong ang naging paraan nito upang iharap ang isa pang dimensyong maaaring inugan ng lakas, puwersa, at dunong ng ina sa tula. Sa pamamagitan ng pagguhit sa politikal na konteksto ng manggagawa sa ilalim ng burukrata-kapitalismo, ang kababaihang anakpawis ang nakararanas ng pananamantala sa kalunsuran. Nakasasapo sila ng mga diskriminasyong nakabatay sa kasarian gaya ng maliit na pasahod, limitadong posisyon at promosyon, kawalang proteksyon sa paggawa, at rimarim ng kontraktuwalisasyon. Ang mga pasaning ito ang realidad na kaakibat ng pagiging babaeng manggagawa. Didaktiko man ang pamamaraan ng pagsisiwalat sa huling apat na taludtod, matutunghayan ang larangang nais ipatimo ng persona bilang pagwawakas sa sistemang itinakda ng lipunan sa ina. Sa gayong pagwiwika, ang imahe ng makina at tahanan bilang mga lumang espasyo ng kaniyang lakas, dunong, at puwersa ay maaari nang talikdan ng ina upang itransporma ang sarili bilang rebolusyonarya.

Isang pagtula sa matandang babaeng kadre ang tulang "Nay Celia, Ikaw ang Tulang Ito" ni Kasamang Vitan. Ang apat na saknong na may isahang taludtod ay laan para sa paglalahad ng personang si Ka Rose, o si 'Nay Celia na tinutulaan ng persona. Si Ka Rose ang nanay na nakilala ng personang aktibista. Bakas sa mukha ang katandaan at kahirapan na sinusuhayan ng mga kalyo at pagal nang pangangatawan. Ang pisikal na paglalarawan sa unang hati ng tula ay pamamaraan ng paglalandas sa pinagmulan ng matandang kadre. Nagmula sa uring magsasaka, si Ka Rose ay isa sa milyong populasyon ng mahihirap na magsasakang kasabay na tinigang ng inhustisya:

> "Ka Rose nagan ko iti kilusan."[19]
>
> Pinagmasdan ko ang iyong kabuuan
> Ang mga kinalyo mong sakong at kamay,
> Ang iyong katawan at pangang butuhan
> Tanda ba ng iyong uring pinagmulan?
>
> "Higit singkwenta anyos akon."
>
> May narinig ba akong pait sa tinig?
> Sadya mo yatang pinagaan nang pilit?
> Ah, marahil nga'y nais mong isalaysay
> Ang mahigit singkwenta anyos mong buhay.
>
> Walang sariling lupa, baon sa utang
> Sako ang tira, pagsapit ng anihan
> Paano itataguyod, limang anak?
> Kung biyaya ng pinaghirapa'y salat? (17)

Ang maralitang magsasakang gaya ni Nay Celia ay isa sa namulat sa realidad ng mapang-aping sistema ng piyudalismo. May limang anak at pinatanda ng dekadang pag-ani ng palay, na hindi kailanman sumapat upang disenteng mabuhay. Ang buong panahong pagtitilyar sa lupa ay patuloy na nauwi sa wala. Ang mga taludtod na *"Walang sariling lupa, baon sa utang / Sako ang tira, pagsapit ng anihan"* ay pagtukoy sa mga klasikal na suliraning agraryo na kinasasangkutan ng mga maralitang magsasaka sa bansa. Ang pagkakalubog naman sa sistema ng usura ang "utang" na binabanggit. Ang namamayaning sistema sa pagitan ng mga usurero at magsasaka ang isa sa mga tuluyang lumulumpo sa malaking bahagi ng maralitang magsasaka. Sa ilalim ng ganitong sistema, pinahihiram ng kaunting pamuhunan sa pagtatanim ng palay ang isang maralitang magsasakang walang pag-aaring lupa, kagamitan, at kalabaw. Sa panahon ng anihan, halos nobenta porsyento ng

kita ay mapupunta sa usurero at ang natitirang bahagi sa pinag-upahan ng lupa, sa kagamitan, at sa kalabaw. Ang katiting na matitira ang siyang tanging laan sa maralitang magsasakang nangutang. Kaya madalas, sapat lamang sa ilang araw na pagkain ang kita niya sa loob ng ilang buwang pagsasaka. Kakailanganin niyang muling pumaloob sa sistemang usura. Talamak ang ganitong sistema sa mga probinsyang malalawak ang lupaing agrikultural:

> "Diak mabalinen nga aghukbon."[20]
>
> ……………………….
>
> Sana mayroon ka rin ng sandatang tangan
> Sana ay nababagtas bundok at parang
> Nakakatakbo sa bawat maniobra
> At nagkukumand, bawat sibat at plangka (17)

Ang pagiging magsasaka ni Nay Celia at ang pagkamulat sa malupit na kalagayan ng mga kapwa niya magbubukid ang nagtulak na mag-organisa sa baryo at mag-ambag sa kilusang patuloy na nakikibaka para isulong ang tunay na interes at karapatan ng mga uring pinagsasamantalahan. Ang agraryong rebolusyon o agreb ang isa sa pangunahing kampanya at gawaing tinutulak sa mga kanayunang pinamamayanihan ng mga pananamantalang piyudal. Sa ilalim nito, gumagaod ang mga organisador ng mga samahang masa at mga kadre ng hukbo sa pakikipagnegosasyon sa mga panginoong maylupang nagtataglay ng ekta-ektaryang taniman ngunit hindi pinagkakalooban ng sapat na kita ang mga manggagawang bukid. Kung hindi gumana ang negosasyon, naglulunsad sila ng mga aksiyong masa upang iangat sa mas mataas na antas ang laban. Sa mga kaso ng pangagamkam ng lupa, pagmamalabis sa oras ng paggawa ng mga magsasaka, paglabag sa wasto at makataong pasahod, at pagpaslang sa mga manggagawang bukid, naglulunsad ng mga gawaing opensiba ang mga samahang masa at mga kilusan sa baryo.

Ang mga tanaga namang likha ng mga kasapi ng MAKIBAKA noong taong 2006 ang una sa mga koleksiyong hango sa palihang isinagawa nang taon ding iyon. Mula ito sa balon ng mga teknikal na maikling pag-aaral hinggil sa katutubong panulaan at sa mga talakayan kaugnay ng usaping kababaihan sa konteksto ng kilusang pagpapalaya ng kababaihan sa Pilipinas. Siyam na tanaga ang napiling isama sa *Ulos*. Mula sa mga paksa sa panulaan ng mga makatang MAKIBAKA, makikitang umiinog ang mga ito sa paglalarawan sa babae bilang ina, anak, aktibista, at mandirigma.

Isang bilanggong politikal ang musa sa unang tanaga hinggil sa ina. Pinamagatan itong "Tanaga" ng makatang si Janelle. Nasa ikalawang panauhan, ang tanagang may tugmang dalawahan ay nagwiwika sa ispesipikong hikbing dinulot ng panahon at distansyang sanhi ng pagkakapiit. Talinghaga sa pangungulila ang "dagat" sa unang taludtod. Hindi absoluto ang sukat at lalim ng dagat. Nagbabago rin ang antas ng pagiging maalat sanhi ng panahon at ng klima. Gaya ng luha at hinagpis ng inang nakadetini, mahirap arukin ang kompleksidad ng kaniyang pagtangis. Hindi malirip ang lalim at lasa nito sapagkat sa loob ng rehas nangungusap ang musa hinggil sa mapait na yugto ng paghihimagsik. Ang tanagang ito ay kongkretong naglalatag sa nakaambang bangungot ng pamamasismo sa isang babaeng nakikibaka:

> Sa malalim na dagat
> Ang luha mong maalat
> O inang nakapiit
> Hinagpis mo'y himagsik (27)

Ang "Tanaga" ni Chyna naman ay pumaksa sa magkatuwang na pagtulong ng alyadong mag-ina sa kanayunan sa gawaing paniniktik. Binabagtas sa akda ang aktibong pakikiisa ng mag-ina sa rebolusyonaryong kilusan bilang kasapi ng samahang masa. Pagpapakita ang ganitong dinamiko sa malakas at masiglang pag-oorganisa sa mga taumbaryo. Ideolohikong banggitin na ang sitwasyong inilalahad sa tanaga ay matutunghayan bilang maringal na halimbawa ng pag-iral ng demokratikong gobyernong bayan na kinikilala ng mga pamilya sa kanayunan. Masisipat sa tanagang ito ang isang anyo ng demokratisasyon ng pamilya kung saan iminumulat ng ina ang kaniyang anak hinggil sa isang paraan ng paggapi sa kaaway, at lalong higit sa pagmamalasakit sa kapakanan ng mga kasama. Sentral ang pagtatampok ng tanaga sa malinaw na papel ng mga ina at mga anak sa malawak na dimensyon ng proletaryong pakikibaka:

> Nagulantang si Ina
> May Army na nakita
> "Anak, tumakbo ka na
> Mag-ulat sa kasama" (27)

Isang pagsuhay sa rebolusyonaryong katangian ng ina ang "Tanaga 2" ni Regina at "Tanaga" ni Jem. Pumaksa ang mga ito sa masikap na paghubog ng ina sa kanilang mga supling tungo sa pagsusulong ng pagpapalaya sa sambayanan. Ang pagsasama sa landas ng pakikibaka ang pangarap ng inang rebolusyonarya sa unang tanaga. Sinapupunan ang nagsilbing talinghaga sa espasyong nagluluwal ng tunay na anak ng bayan. Ang pagsilang sa kaniya ay pagpapakahulugan sa panibagong bayani ng rebolusyonaryong kilusan. Sa literal na aspekto, maaaring sabihing ang "sinapupunan" ay nananagisag sa mapagkanlong na lunan para sa sanggol.

Sa piguratibong aspekto naman, isa itong makapangyarihang tagpuan ng dalawang entidad na nakikibaka—ang ina at ang anak. Isa rin itong makabuluhang espasyong humuhubog ng mapagpalayang kaisipan sa kabilang banda:

> Sa sinapupunan, ikaw ay umusbong
> Dulot mo'y pag-asa sa diwang nakulong
> Malaon at iluluwal ng panahon
> Sabay nating landasin ang rebolusyon (27)

Isang pagpapaalala naman sa tungkulin ng anak ang tanaga ng makatang si Jem. Masusulyapan dito ang eksplisitong paghahayag sa kabuluhan ng anak bilang babae at kasama. Nilalahad ng persona sa ikalawang panauhan na ang anak ang karugtong at katuwang ng ina sa tanglaw ng pakikibaka. Sa kaniya magpapatuloy ang sinimulang yugto sa politikal na paglalandas ng ina sa mga larangan ng pakikibaka.

> Anak, ikaw ay bata
> Babae at kasama
> Kung ang ina'y pumanaw
> Tanganan mo ang tanglaw (27)

Sa "Tanaga" ng makatang si Vitan mauulinigan ang pananalinghaga sa babae bilang si Mariang manggagawa, magbubukid, magsasaka, at militante. Ipinahihiwatig nito sa mambabasa na ang kababaihan ay tampok sa mga larangan ng paggawa, produksiyon, at pakikibaka. Hindi lamang nahihirati ang imahen ni Maria sa mga tunggalian bagkus sa lumalawak na bilang ng mga progresibong puwersa. Malayo na ang birtud ni Maria sa ngalang iniluwal at benditado ng kolonyal-kristiyanong sistema. Hindi ibinatay ang Maria sa preskripsyon ng patriyarkal na gahum kung saan patuloy siyang inaalila, nilalapastangan, at binabansot ng simbahan, pamilya, at lalaki. Isang pananalinghaga ang Maria sa bagong babaeng mulat at mapanlaban. Kabaligtaran siya ng katangiang likha ng piyudal na sistema sapagkat tangan ng bagong babae, ng bagong Maria, ang pagpapahalaga sa larangan ng pakikisangkot sa mga usaping panlipunan:

> Ang ngalang Maria'y maraming pangalan
> Sa pabrika, bukid, baryo at lansangan
> Makikita mo sa bawat tunggalian
> Maririnig ako sa bawat paglaban (26)

Kaugnay ng pagkakulong sa dalumat ng piyudal-patriyarkal na sistema ang pagbangon ng babae sa "Bagyo" ng makatang si Regina. Isang pagbabanta ang tulang ito hinggil sa pagwawakas ng opresibong sistemang dulot ng kolonyalismo

sa kababaihan. Bagyo ang turing ng persona sa kondisyong naghulma sa pananamantala sa kababaihan. Ito ang nanalasa sa kanilang mapagpalayang katangian at katayuan sa lipunan. Ang sistemang piyudal ang bumaon at bumansot sa makabuluhang kapasidad ng babae sa iba't ibang larangan ng buhay. Ang bagyo sa tula ay lumipas at pinaglaho na ng mga bagong babae. Tila panibagong bagyo ang pahiwatig sa ikatlo at ikaapat na taludtod kung saan ibayo't mapanlipol na lakas ang pangako sa pagdatal ng bagong babae:

Sa bitag ng panahon
Sa putik ay nabaon
Hindi na malilipol
Babae ay susulong (26)

Ispesipiko ang paghahanay ng makatang si Icy hinggil sa makabuluhang gampanin ng persona sa komunidad, sa masa, at sa kilusan sa kaniyang tanagang "Babae." Ang buhay ng persona bilang babaeng militante ay hindi na lamang umiinog sa sarili. Ito ay inalay na niya sa malawak na aping sambayanan. Masisipat sa ikalawang saknong ang materyal na basehan ng kaniyang paglahok at pagpapatuloy sa pakikibaka. Bilang babae, batid niya ang danas ng malubog sa mapang-aping sistema gaya ng imperyalismo, burukrata-kapitalismo, at piyudalismo. Ito ang puno't dulo ng mga dahilan sa kaniyang pag-oorganisa sa masa. Ninanais ng personang paghusayin ang kaniyang pagtangan sa prinsipyo ng kilusan upang makaambag sa paglaya ng lahat ng aping sektor sa lipunan:

Komunidad ang una
Tungkulin ko sa masa
Imulat at iorganisa
Hanggang kumilos sila

Pagkat ako'y kabilang
Sa pinagsasamantalahan
Prinsipyong aking tangan
Gawin nang buong husay (27)

Karugtong ng prinsipyo at paninindigan ng babaeng militante sa tatlong naunang tanaga ang "Rosas ng Digma" ni Mahja at "Braso" ni Sirius. Tampok sa huling dalawang akda ang mga kababaihang nag-alay ng buhay sa rebolusyonaryong kilusan. Halaw sa parehong pamagat na "Rosas ng Digma" mula sa isang popular na rebolusyonaryong awitin, ang tinutukoy sa tula ay ang kababaihang sumibol at yumabong sa landas ng proletaryong pakikibaka. Nagsilbing talinghaga ang rosas upang ipaarok ang likas na katangiang mapanlaban at mapanghimagsik ng babae. Nakatutusok ngunit namumulaklak sa gitna ng mga tinik:

Mga rosas ng digma, puno ng tinik
May determinasyon at naghihimagsik
Kanilang armas ay ang puso at isip
Upang lumaya ang bayang iniibig (26)

Ang "Braso" naman ng makatang si Sirius ay pananalinghaga sa lakas at gilas ng babaeng pulang mandirigma. Pinatatanaw ng makata na ang mapagkalingang katangian ng braso ay maihahalintulad sa kalakasan ng babae. Ito ang lakas na hindi nagmumula sa laman ng mga bisig kundi sa kaniyang hinubog na puwersang walang limitasyon at hanggahan sa paglago at pagtibay. Itinatanghal ng tula ang panibagong pagtrato sa lakas na hindi nasusukat ng laki kundi ng materyalidad ng praktika sa pagtatanggol, pakikibaka, at pakikidigma:

Brasong mapagkalinga
Sa batang umuuha
Brasong magpapalaya
Sa bayang dinalita (26)

Buhay na halimbawa ang mga tanagang ito sa rasyunalisasyon sa bagong babae. Siya ay hinubog ng iba't ibang kondisyon ng tunggalian sa lipunan ngunit kasabay nito'y pinagtibay ng mga sirkumstansyang bumalot sa pag-iral ng mga ito. Ang paglalarawan sa samo't saring determinasyon, sakripisyo, at tungkulin ng babae sa rebolusyonaryong kilusan ay pagtatampok sa politikal na kontekstong kinaiiralan ng kababaihan sa kilusang panlipunan. Dumadaloy sa mga tanagang ito ang integral at politikal na retorika ng kababaihang malay sa kaniyang pagkasuheto sa lipunang nasa malubak pang yugto ng pagsusulong sa demokratikong rebolusyong bayan.

Patunay ang patuloy na paggampan sa tungkulin sa armadong pakikibaka ng organisasyon sa pagsulong nito bilang rebolusyonaryong kilusang kababaihan sa bansa. Litaw ang sensibilidad hinggil sa rebolusyonaryong kilusan sa mga tulang sinulat at personal na tinipon ng mga kasaping tuluyang umanib sa NPA noong taong 2000 pataas.

## Ang Sonang Gerilya bilang Lunduyan ng Nagpapatuloy na Pakikibaka sa Siglo 21

Isa sa mga MAKIBAKA na nagpasyang tanganan ang armadong kilusan si KD Armada. Mula sa uring petiburges, nagpasya siyang kumilos sa sonang gerilya nang taong 2000 at nananatili pa rin doon hanggang sa kasalukuyan. Bilingguwal at nagsusulat sa parehong Ingles at Filipino ng mga akdang pampanitikan si Armada.[21]

Salin mula sa orihinal na Ingles ang kaniyang tulang "Untitled #6." Nasulat nang circa 2004, ang akda ay pag-iinteroga ng persona sa sarili hinggil sa pagiging

bagong babae. Binubuo ng serye ng mga tanong ang unang saknong na pumapaksa sa kakayahan ng personang igpawan ang mapangbansot na sistemang piyudal. Sinusuri ang sarili batay sa historikong paglalandas sa danas ng kababaihan sa loob ng mahabang panahon. Ngunit sa dulong bahagi'y umuugit sa kaniya ang payak na kasagutan. Tanong ang tugon sa serye ng katanungan sa unang saknong. Bagaman nagpapakita pa ng bahagyang alinlangan, sinikap ng personang landasin sa ikalawang saknong ang materyal na basehan ng pagiging api. Natukoy sa kaniyang pag-aanalisa ang kongkretong kadenang bumalot sa kaniyang mga kamay. Ang kapangyarihan ng awtoridad ng lalaki ang isa sa makabuluhang sanhi ng pagkagapos na ito. Matutunghayan sa ikatlong saknong ang pagkadarang at pagkatuto ng persona sa ilalim ng piyudal-patriyarkal na sistema. Sentral man ang usapin ng opresyong pangkasarian, sinikap ng makatang ilangkap ang pakikibakang pangkasarian sa loob ng pambansang pakikibaka sa pamamagitan ng pagtatampok sa pagkilos ng persona para sa lipunan:

> Kaya ko ba?
> Hindi ko ba kaya?
> Nag-aalinlangan.
> Mga dantaong paniniwala
> Wari'y kumukulong sa akin;
> Kumukulap sa progresibong kaisipan.
> Pagpapapalaya,
> Humuhugis sa aking gunita.
>
> Gagawin ko ba?
> Pasya kong hindi maging
> Isang Cinderella ng kasalukuyang panahon
> Ginagapos ng kadena—
> Ganap na nasa kapangyarihan,
> Sinasalamangka ng kamay ng kalalakihan
> Sa isang daigdig na kanilang pinaghaharian.
>
> Pangangahasan ko bang salungatin
> Ang mga bagay
> Na dating pinapalagay
> Kaya ko bang maging isang babaeng
> makauukit ng kanyang sariling kapalaran;
> babaklas sa mga machong dingding,
> tatangging maging isang bagay lang ng kasarian;
> Isang pwersang pasulong

sa daigdig ng mga kontradiksyon;
Isang kumikilos para sa kalayaan
ng sarili at ng lipunan. (linya 1-26)

Taglay ng ikaapat na saknong ang mapagpasyang tindig ng persona hinggil sa pagiging babae. Hinahangad nitong umalagwa sa trahedya ng lumang pag-aakda sa posisyon at tungkulin ng kababaihan sa lipunan. Inaangat niya ang mapanghamong kalikasan ng kababaihan sa larangan ng pakikibakang politikal:

Kaya ko, gagawin ko
Kailangang gawin ko.
Isang hakbang pasulong
Gaano man kaliit,
Na sumasalungat sa nakaraan—
Ay isa pang hakbang pasulong
Mula sa kasalukuyang bulok na daigdig,
At lumikha ng mas maayang bukas. (linya 27-34)

Ang asersiyon na matutunghayan sa unang taludtod sa huling saknong ang nagsilbing manipestasyon sa pagguhit ng bagong babae. Ang pagkakamalay sa pagkasuheto ng kaniyang katawan ay nakapaloob sa mapangahas na pagtindig sa pagiging rebolusyonarya. Binabasura na ng persona sa bahaging ito ang kahinaang eksplisitong ininstitusyonalisa sa iba't ibang larangan ng kulturang piyudal-patriyarkal:

Ipipinta ko
Ang isang kinabukasan
Sa matingkad na mga kulay
Ng pula at lila.
Isa akong
Babae
Ng rebolusyon. (linya 35-41)

Sa kabuuan, isang patunay ang tulang ito na may malinaw na tanaw ang bagong babae sa kaniyang gampanin sa larangan ng rebolusyonaryong kilusan. Ang pagmamalay sa kaniyang katawan ay nagawa sa panlipunang pagsusuri o pagsisiyasat at hindi sa absurdo o arbitraryong pamamaraan. Hindi nagsimula sa ahitasyon ang persona ngunit masasaksihan sa dulong bahagi ang kaniyang radikal na paninindigan sa pagtangan ng bagong responsabilidad at kabuluhan bilang makabayang entidad.

Wala ring taglay na pamagat ang isa pang akda ni Armada na nasulat noong 26 Enero 2007.[22] Pawang pagpupugay at pasasalamat sa kadakilaan ng isang ama, ang tula ay hindi bumabagtas sa sentimental at burges na pagbati sa isang

magulang na nagsakripisyo sa maraming anyo at pagkakataon. Isa itong paggunita sa matatamis na alaala at paalala mula sa rebolusyonaryong anak para sa kaniyang rebolusyonaryong ama.

Sa bungad ng pagpapakilala sa sarili, ilalantad ng persona sa unang tatlong saknong ang sarili bilang kasapi ng hukbong bayan. Buhat sa rebolusyonaryong pamilya, madalang niyang makasama at makapiling ang ama sapagkat gaya niya, sumampa rin ito sa kabundukan at naging pulang mandirigma. Inspirasyon ng persona ang kaniyang ama. Nakatanim sa kaniyang mulat na isipan ang prinsipyo ng pakikibakang pinanindigan at pinaglalaban ng kaniyang magulang—isang makatao at makabayang hangarin, at isinasantabi ang mga pansariling interes gaya ng pagsasama ng pamilya at sapat na kabuhayan:

> Sa pagbubuklat ng mga pahina ng nakaraan
> Hindi ko mapigilang isang tula ay tugunan
> Mahigit sampung taon man ang lumipas
> Mga katagang tumagos sa puso'y hindi kumupas.
>
> Paglalayo'y mahigit tatlong taon nang winakasan
> Simula nang ako'y sumapi sa hukbong bayan
> Katulad mo, nakahandang magbuwis ng buhay
> Na sa bayang alipin ay tanging maiaalay.
>
> Sa ngayo'y akin pang binubuo ang sarili
> Subalit ayoko na dito, ika'y maging malaking bahagi
> Dahil ikaw ay isang huwaran at mabuting kasama
> At ayokong maging mabuti, dahil lamang ikaw ay aking ama. (linya 1-12)

Puno man ng papuri ang mga unang saknong, nagpapakita rin ng bahagyang sentimentalismo ang sumunod na saknong. Itinutulot nito ang halaga ng yakap at presensiya ng magulang para sa isang anak. Mga bagay itong bihirang maipagkaloob sa proseso ng pagtataguyod ng rebolusyonaryong pamilya. Ang mga ito, sampu ng iba pang emosyonal na suliranin gaya ng pangungulila at pagtangis, ang ilan sa mga personal na sakripisyong dinaranas ng mga hukbong bayan. Ipinakikita sa ibabang saknong ang kabuluhan ng mga pagyakap at pangungumusta ng magulang sa anak bilang mga gintong sandali sa larangan ng rebolusyonaryong pakikibaka:

> Pero nais ko ring paminsan-minsan ika'y mayakap
> Ang ulo ay ipakanlong sa matatag mong balikat
> Siguro, isang pangangailan ng nakararan na di napunan
> Kaya't pagkakatao'y para sa atin pinagsasamantalahan. (linya 13-16)

Positibo at determinado pa rin ang namamayaning himig sa mga sumunod na saknong. Sa matulaing paraan ipinaaabot ng anak ang kaniyang puspusang pasasalamat sa amang nagkintal sa kaniyang kamalayan ng kabuluhan ng paglaya ng bayan. Kung kaya, naiguhit nito ang imahe ng tula bilang "mainit na halik" at "mahigpit na yakap" ng isa pang nagpapatuloy na anak ng bayan. Taglay ang isang pangako, binubulalas ng persona ang kaniyang sariling pag-arok at pag-unawa sa dalumat ng tagumpay na unang hinangad at pinaglaban ng kaniyang amang magiting na idolo at tunay na kasama:

> Ang tulang ito'y isang mainit na halik
> Mula sa isang anak na nasa ama'y palaging sabik;
> Ang tulang ito'y isang yapos na mahigpit
> Para sa kasamang kaagapay sa paghihimagsik.
>
> At alam kong sisikapin nating…
>
> Kahit magkalayo man ay hindi maghihiwalay
> Sa pagtahak ng landas ng tunay na tagumpay
> Sa pakikilahok sa masa at pagtalima sa Partido
> Mabibigo natin ang hagupit ng sanlibong punglo! (linya 21-29)

Matayog na pagkilala at pagpupugay sa Communist Party of the Philippines ang tulang "Kawayan" ni Ka Rizalyn. Taglay nito ang tinig ng pagpapahalaga sa tungkulin ng MAKIBAKA kaugnay ng armadong pakikibaka. Orihinal na nasulat sa wikang Ilonggo ang akda at isinalin ni Rio Roja sa Filipino. Isang pagtutulad sa kawayan at Partido, ang talinghaga ng una ay ginamit upang ilarawan ang nakamamanghang katangian ng CPP para sa isang hukbo. Matayog, matibay, at matatag ang mga pang-uring kumakatawan sa Partido gaya ng sa kawayan. Hindi ito nababali at hindi nasasaid. Mga pundamental itong katangiang nagsisiwalat kung ano ang prinsipyong hinahanap ng persona sa isang sandigan. Malakas at maasahang salalayan ang kaniyang Partido gaya ng kawayan. Maririnig ang himig ng buong-loob at wagas na pagmusa ng persona sa kawayang nagsusustena rin ng gilas, lakas, at tibay sa pagdaan ng mga bagyo. Ispesipikong ibinubulalas sa tula ang sinserong pagtanaw ng persona sa ideolohiya at prinsipyong gumabay sa Partido at sa mga tagapagsulong nito:

> Balingkinitan at matayog
> Ang tindig ng kawayan
> Makintab ang balat
> Kahoy ng kawayan
> Bagyo ma'y dumaan

Sa ganitong tanim
Payat at di madaling mababali
Ngunit kung ito'y mabali man
Ito pa rin ay tutubo
Dahil di masasaid ang mga puno.

Ang nais ko'y
Matatag na paninindigan
At may sinasandigang
Partido Komunista
Salalayan sa pagkilos
Kahit sa pagsasalita
Sa lahat na pagkakataon.

Hango sa *Malayang Pilipina* (MP) ang huling tatlong tula na pawang naisulat sa pagitan ng mga taong 2005 at 2006. Sa mga pagkakataong madalang o walang kontribusyong tula ang mga kasapi ng MAKIBAKA sa MP, hinahalinhinan nila ito ng salin ng mga tula ni Mao Zedong gaya ng "Militia Women" o "Milisyang Kababaihan."

Bagong sampa ang personang naglalarawan sa danas ng unang pamumuhay sa kanayunan sa tulang "Buhay Hukbo" ng makatang si Ka Pat. Maikli lamang ito at binubuo ng tatlong saknong na may tig-aapat na taludtod. Ang mga tulang napabilang sa MP mulang 2003 hanggang 2015 ay pawang may katangian ng pagmamadali. Sa mga susunod na akda, mababanggit ang dahilan ng kaiklian ng mga ito kaugnay ng tungkulin at arawang gawain ng isang hukbo. Kung ang "kahirapang" tinutukoy sa unang akda ay buhat sa emosyonal at sikolohikal na agam-agam sa transpormasyon sa pamumuhay mula lungsod tungong kanayunan, kinokongkretisa naman ng tula sa ibaba ang masalimuot at mahirap na pagbabagong kaniyang nasaksihan. Inilalarawan ng persona ang buhay ng mga hukbo na nagpapalipat-lipat ng lugar. Pinatitingkad ang mga sakripisyo sa pamamagitan ng pagbanggit sa pakikipagbuno nila di lamang sa mga kaaway kundi maging sa di-maiiwasang hagupit ng ulan at matinding init habang bitbit ang kanilang mga armas:

Sa kanayunan na napuntahan ko
Sadya ngang mahirap maging isang hukbo
Mabasa ng ulan, mabilad sa araw
Maglakad sa gubat tila walang katapusan.

Dito'y aking nasaksihan diwa ng pakikibaka
Hawak ay sandata!
Mahigpit na pagkakaisa kapiling ang masa't mga magsasaka
Sa pagsusulong ng armadong pakikibaka. (8)

Positibo ang tanaw ng persona sa nasaksihang buhay ng mga hukbo sa kabila ng malinaw na sakripisyong hinaharap araw-araw. Ang paglilipat ng himpilan sa kabundukan at ang pagsuong sa maghapon-magdamag na lakaran, umulan man o umaraw, ay mga imaheng nagpatanto sa persona hinggil sa tunay na diwa ng armadong pakikibaka. Sinuhayan pa ito ng kongkretong pakikiisa ng masa at magbubukid sa mga hukbo. Ang tatlong dahilang ito ang lalong kumumbinsi sa persona upang tuluyang lumahok sa agos ng rebolusyon. Tiyak ang kapasyahan nitong tumungo sa kanayunan at lumahok sa armadong pakikibaka.

Handog naman ng makatang si Ka Margie sa martir na si Bernie Zantua ang tulang "Sa Kahabaan ng Taft Avenue." Parehong naging organisador sa hanay ng mga manggagawa sina Margie at Bernie. Ang huli ay nagpasyang sumapi sa NPA ngunit sa kasamaang palad ay napaslang noong 2004. Lumabas ang pagpupugay sa kaniya ng Pambansang Kawanihan ng Kababaihan sa isyu ng MP noong Hulyo 2004.

Inihahain ng makata na kakambal na hamon sa armadong pakikibaka ang pagharap sa kamatayan. Ang giting na ipinamalas ng musang si Bernie at ang kaniyang pagpanaw ang sumuhay sa talinghaga ng rebolusyon sa kabuuan ng akda. Ang abenida at kanayunan ang dalawang espasyong nagpapaalala hindi lamang sa tatag ng prinsipyo ng kaniyang musa kundi ang pagkakaibigang sumibol at yumabong sa loob ng pakikibaka:

> Naiiyak ako sa pagpanaw ni Bernie
> Subalit napapangiti ako
> Sa matingkad n'yang alaala,
> Ang mga ngiti n'yang pasalubong,
> Ang mga salita n'yang nagbibigay sigla,
> Ang paghanga n'ya kay Binoe,
> At ang katorpehan n'ya sa panliligaw.
>
> Nagagalit ako sa pagpanaw ni Bernie
> Dahil inagaw s'ya mula sa atin
> Ng mga buwitre ng lipunan.
> Buhay n'ya ay kinitil na di lubusang
> Natatanto ang halaga n'ya sa sambayanan.
>
> Saludo ako sa pagpanaw ni Bernie.
> Dahas ng kataksilan ang kanilang inihandog
> Sa ipinamalas n'yang kasigasigan sa pagkilos,
> Ang makipamuhay kapiling ang magsasaka at katutubo
> Sa layon n'yang maglingkod ng may paninindigan.

Mabigat ang aking loob
At para bang may bara sa lalamunan.
Nag-iinit ang aking mga mata at nangingilid ang mga luha.
Ngunit sa bawat luha ay may kapalit na ngitngit,
Sa bawat hikbi ay may katapat na hiyaw at
Sa bawat bigat ng loob ay may kasabay na lakas
Na di kayang ubusin ng alinmang baril at bala.

Maling akala ng mga berdugong militar
Na napatahimik na nila si Bernie
Si Bernie ay ang rebolusyon
Na walang-sawang naglilinaw
At kasigasigang di mauubos at magagapi.
Ang diwa ng rebolusyon ay di kailanman maililibing
Hangga't may mangangahas na mangarap.

Ang pangarap na palayain ang bayan sa pang-aapi.
Ang pangarap na tagumpay ni Bernie. (8)

Tunay na nagdudulot ng pagtangis ang kamatayan. Ito ang inisyal na impresyong taglay ng tula. Walang pagkukubli sa emosyon ang persona. Gaya ng wala rin siyang pretensiyon sa katalagahan ng kamatayan bilang panandang-bato sa landas ng pakikidigma. Marubdob na pangako ang iniwan ng persona sa huli. Hindi magtatagumpay ang pang-aabusong militar at lahat ng kaaway sapagkat "di mauubos at magagapi" ang gaya ni Ka Bernie.

Bahagi ang tula ni Ka Margie sa mga testimonyal ng mga rebolusyonarya hinggil sa wastong pagharap at pagtanaw sa kasawian. Obhetibo ang kaniyang tindig na ang pagkalagas ng buhay ng bawat pulang mandirigma, ng bawat kasama, ay bahagi ng mga inspirasyong patuloy na nagsusustina sa naiwang kasama. Pansamantala lamang ang luha sapagkat mahirap bigyan ng puwang ang pangungulila habang patuloy na sumusuong sa landas ng pambansang pakikibaka.

Tumatalakay naman sa todo-giyerang kampanya ni dating Pang. Gloria Macapagal Arroyo (GMA) ang tulang "All Out War" ni Aniwan Malaya. Ang akdang ito ay isinulat ng isang organisador na MAKIBAKA mula sa hanay ng kababaihang manggagawa.[23] Taglay sa lahat ng isyu ng MP noong 2005 at 2006 ang mga akdang bumabatikos sa rehimen ni GMA. Kabilang dito ang mga sinusugang giyera ng kaniyang administrasyon sa loob at labas ng bansa, ang mga patakarang pang-ekonomiya gaya ng Public-Private Partnerships, ang paglulunsad ng Oplan Bantay Laya sa kanayunan, Proklamasyon 1017, at iba pang mga anti-mamamayang polisiya sa loob ng siyam na taong pamumuno sa bansa.[24]

Sa loob ng limang taon buhat nang maupo si GMA, nakapagtala na ang MP ng 729 na biktima ng pamamaslang mulang 2001 hanggang 2006. 73 sa mga ito ay kababaihan samantalang 58 naman ang kabataan. Kapuna-puna ang konsentrasyon ng mga pagdukot at ekstra-hudisyal na pamamaslang sa mga sibilyan at di-armadong aktibista mula sa mga progresibong organisasyon. Batay sa panunuri ng MAKIBAKA, sa parehong taon din "bulag ang militar sa kilos ng NPA at wala pang malaking bilang ng NPA ang natitimbog" ("Bigo ang Oplan Bantay Laya" 1). Ito ay sa kabila ng patuloy na pagsasagawa ng mga operasyong militar sa mga tukoy nang larangang gerilya.[25]

Ang tula sa ibaba ay hinggil sa walang habas na paglabag sa karapatang pantao na umiinog sa konteksto ng todo-giyerang kampanya ni GMA, na kilala rin bilang Oplan Bantay Laya. Sa pananaw ng MAKIBAKA, ang kampanyang ito ay bahagi ng desperasyon ng pinagsanib na puwersa ng mga oligarka at imperyalista:

Itong hibang na rehimeng Arroyo
Nagdeklara ng todo gera, akalain mo
Gerang susugpo daw sa komunismo
At sa mga alagad nitong armado.
Bomba doon, howitzer dito
Hamleting sa mga baryo
Strafing sa mga kubo
Sa kanayuna'y mga sundalo'y
nag-animong mga ulol na aso.

Ang mga simpatayser, sige damputin
Huwag ilabas hangga't di umaamin
At kung magmatigas, pukpukin
Kung ayaw talaga, itumba na rin.
Huli dito, huli doon sa lider masa
Masaker sa kanilang pamilya
At sa kanayuna'y mga sundalo'y
nag-aastang mga mababangis na tupa.

Ay, Gloria! Mangarap ka talaga
Dalawang taon, tapos ang insurhensya?
Habang mga asendero't kapitalista
Sa patakaran mo'y tuloy ang ligaya?
Gutom doon, walang makain dito
Sahod ay ipinako mo
Lupa'y hinayaang monopolyado

At ang mamamayan animo
Galit na bulkang nag-aalburuto.

Karahasang militar na sagot mo
Tiyak babalik at babalik sa iyo
Di mapipigil, himagsik ng tao
Hihilahin ka pababa sa trono
Tagumpay doon, tagumpay rito
Ng kilusang masa sa kalunsuran
At armadong pakikibaka sa kanayunan.
Kayong naghahari'y dadaigin
Tiyak ng sambayanang
Naglulunsad ng digmang bayan. (3)

Payak ang pagpapaliwanag o pagsisiwalat sa tulang ito hinggil sa iba't ibang mukha ng pananamantala ng rehimeng Arroyo. Tila pinanindigan ng pamahalaang huwag tugunan ang suliranin sa lupa at sahod hangga't hindi umano nasusugpo ang Komunismo. Tampok sa akda ang paglalarawan sa iba't ibang mukha ng pasismo. Namamayani ang realidad ng pagbalewala sa mga serbisyong panlipunan samantalang nanatiling priyoridad ang kampanyang gaya ng todo-giyera at kontra-insurhensya. Sa pamamagitan ng madulang pagtatala sa mga sirkumstansyang politikal sa tula, madaling naukit ni Aniwan Malaya sa kaniyang akda ang sistematikong pandudusta sa mamamayan ng pinagsanib na mga organo ng rehimeng Arroyo.

## Konklusyon

Ang panulaan ng MAKIBAKA ay maaaring bahagi na ng mga talambuhay na hindi pa natatapos iakda ng mga manunulat sa rebolusyonaryong kilusang kababaihan sa bansa. Kung susuriin, panimulang hakbang na ang mga nagawa nilang maiikling tala upang imapa ang kasaysayan ng pakikibaka ng mga rebolusyonaryang Filipino. Totoong may mga danas na mainam kung pinalawig o pinatingkad sa panulaan ngunit kailangan ding isaalang-alang ang mga politikal na sanhi at kondisyong nagtulak sa katimpian nito. Sa puntong ito, mahalagang isaalang-alang ang katotohanang binabanggit ni Guillermo na lagi't laging nakabatay sa sirkumstansya ng mga rebolusyonaryo ang kanilang pagsusulat sa loob ng rebolusyonaryong kilusan ("Ang Kanayunan" iii). Ang pagtatampok sa mga piling karanasan ay dapat tingnang lagom na tumutuon sa mga silbi nito bilang panitikan ng bagong Kilusang Pambansa-Demokratiko. Integral ang pagtukoy sa gayong katotohanan batay sa danas ng mga propagandistang kasapi, pulang mandirigma, o aktibistang nasa iba-ibang larangan sapagkat nililinaw nito ang pag-iral ng mga partikular at politikal na retorikang umuusbong sa panitikan.

Sa pagharap ng MAKIBAKA sa tungkulin ng pagpapalaganap sa makamasa, makabayan, at siyentipikong kultura, minarapat nitong tipunin at lagumin sa panitikan hindi lamang ang tagisan ng mga armas at pugay sa mga martir. Inukit din nito maging ang mga mapanghamong yugto sa bagong Pambansa-Demokratikong Kilusan mula nang magkaroon ito ng bagong tipo. Hindi hiwalay ang mga usapin sa parliyamentaryong pakikibaka sa mukha ng panitikang ito. May tindig ang panitikan ng MAKIBAKA sa mga pagkakamali ng kilusan. Ito ay ang tuluyang iwasto ang lahat ng pagkakamali sa larangan ng politika, ideolohiya, at organisasyon at lalong patatagin ang pagtangan sa prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Malinaw na ipinatatanaw ng panulaan ng MAKIBAKA ang dalumat ng bagong babae batay sa naging kondisyon at katayuan nito bago at paglipas ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Isinulong nito ang kulturang mapagpalaya sa hanay ng kababaihang manunulat at rebolusyonaryo. Mahigpit ang pagtalima nila sa mga subok nang pamamaraan ng panlipunang pagsisiyasat at pag-ugat sa tunggalian ng uri bilang mga lehitimong lente sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan na may diin sa sosyalistang perspektiba. Patunay ang isang bahagi ng kasaysayang pampanitikan at salaysay ng pagkilos ng MAKIBAKA sa pagsulong at pagyabong ng naratibo ng kilusang pagpapalaya ng kababaihan sa bansa. Ang yugto-yugtong pag-iral, pagsubok, pagpapatuloy, at pagpupunyagi ng MAKIBAKA sa loob ng higit kalahating siglo ay nakapaloob sa panitikang likha ng mga naging at kasalukuyang kasapi at kadre nito mula sa iba't ibang larangan. Binubuod sa panitikan ng parehong kababaihang manlilikha at mandirigma ang dalumat ng kolektibo at ng kilusan sa loob ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa pagsuri sa dalumat ng bagong babae matutunghayan ang imahen ng pagwawaksi at pagwawasto sa mga umiral na hamon sa kilusan. Pinatutunayan ito ng pagtatampok sa talinghaga ng pag-igpaw sa mga tunggalian at pagsulong sa malinaw na batis ng ugnayang makauri ng mga manunulat mula sa MAKIBAKA. Ang paglagom sa dialektikong kontradiksiyon ng mga uri sa lipunang Pilipino ay pundamental na kamalayang nakapaloob sa wika ng mga manunulat sa pagbibigay-tinig sa persona, pagguhit ng mga imahen, at paghubog sa mga tauhan. Ang dalumat ng komitment ng mga kababaihang manunulat mula sa MAKIBAKA ay mahigpit na kaugnay ng mga usaping panlipunang kinatatampukan ng eksploytasyon sa mga anakpawis, panlalapastangan sa mga magsasaka, at pagyurak sa karapatang pantao ng sambayanang bumabalikwas sa batas ng naghaharing-uri. Sa madaling sabi, kaalinsabay ng paglikha ng panitikang saksi ang pag-abante sa bagong Pambansa-Demokratikong Kilusan ng mga manunulat.

Taglay ng panulaan ng MAKIBAKA ang pagsusulong sa usapin ng proletaryo—ang uring magsasaka, manggagawa, at lahat ng aping sektor sa lipunang Pilipino.

Pinalawak itong lalo sa pagsasalimbayan ng tugon mula sa iba't ibang tungkulin sa larangan ng politika, kultura, at ekonomiya ng bawat kasapi. Mula sa hugis, paksa, imahen, nilalaman, at porma ng mga akdang natipon, matutunghayan ang pagtugon ng mga manunulat na rebolusyonarya sa pinakapundamental na tanong: sino ang pinaglilingkuran ng panitikan ng MAKIBAKA?

Namamayani ang pagwiwika sa patuloy na pakikibaka ng mga akda hinggil sa kababaihang pulang mandirigma at kasapi ng MAKIBAKA. Matutunghayan ito sa patuloy na pag-aakda ng mga manunulat hinggil sa paglakas ng larangang gerilya at ang paglawak ng kilusang masang magbubukid. Ibinabandila rin sa mga tula ang sikhay ng iba pang kilusan gaya ng kilusang masa at manggagawa. Lahat ng tulang napabilang sa pag-aaral ay maituturing na bahagi ng naratibo ng at para sa rebolusyonaryong kilusang kababaihan. Nakasandig ang diwa ng produksiyong pangkultura nila sa pangunahing prinsipyong pagsilbihan ang magbubukid at manggagawa at ang mga kaalyado sa lahat ng hanay. Ang pagsisilbi ng panitikang ito ay makikita sa dalawang tipo. Naglilingkod ito sa pamamagitan ng Kilusang Propaganda at sa pamamagitan ng Rebolusyong Pangkultura. Sa gayong gana, ang kultural na tungkuling lumikha ng makamasa, siyentipiko, at makabayang panitikan ay litaw sa pagkatha ng MAKIBAKA ng kongkretong akdang nagtatampok sa pakikibaka ng mga uring proletaryo at sa pangkalahatang pakikibaka para sa pambansang demokrasya.

Dokumentong lunduyan ng kasaysayan ang mga akdang pampanitikan ng mga kasapi ng MAKIBAKA. Hinahabi nito ang kanilang danas sa pagsuong, paglisan, at pagpapatuloy sa isang partikular na kilusang panlipunang humubog sa kanilang prinsipyo at paninindigan bilang babae, kadre, at pulang mandirigma. Suplemental ang panitikan at ang kritisismo sa paglago ng isang kadre sa loob ng pambansa-demokratikong pakikibaka. Ang mga kadre at pulang mandirigma ay kabilang sa mga elementong gumuguhit ng mga tala sa kasaysayang pampanitikan ng bagong Pambansa-Demokratikong Kilusan. Ang pagwiwika sa mga suliranin o krisis panlipunan sa mga akda ay bahagi ng pagtatampok nito sa sosyohistorikal na kaligiran ng teksto. Itinampok ito upang higit na makita ang kabuluhan ng panitikan sa pagpapakilos sa/at pagkatuto ng mamamayan.

## MGA TALA

1. Ang pananaliksik na ito ay sinuportahan ng Office of the Chancellor ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman sa pamamagitan ng PhD Incentive Award 2020 ng Office of the Vice-Chancellor for Research and Development.
2. Binabanggit ni Ramon Guillermo sa kaniyang *Translation and Revolution* hinggil sa pagsasalin sa salitang "araw" ni Jose Rizal sa *Guillermo Tell*. Ayon sa kaniya, rebolusyon ang literal na salin ng *revolutio orbium coelestium*. Iniugnay niya ito sa ginawang pagsasakatutubo ni Zeus Salazar hinggil sa mga simbolo ng Rebolusyong 1896. p. 124.
3. Para kay Althusser, ipinaliliwanag ng ideolohiya, sa pamamagitan ng mga Represibong Aparato ng Estado at Ideolohikong Aparato ng Estado, ang paggawa at pagpapanatili ng mga kondisyon at relasyon sa produksiyon sa lipunan. Maaaring tingnan sa Louis Althusser, "Ideology and Ideological State Apparatus: Notes towards an investigation." Abr. 1970, 162-63. http://blogs.uoregon.edu/j610drstabile/files/2014/03/Althusser-Ideology_and_ISAsbook-1fwvmil.pdf.
4. Ang lahat ng salin sa Filipino ay gawa ng may-akda.
5. Hinggil sa kamalayang teoretikal ng masa at kaayusang kultural, maaari ding tingnan ang Mao Tsetung, "Mga Talumpati at Palitang Kuro sa Yenan Hinggil sa Sining at Panitikan." Nasa *Rebolusyonaryong Panunuring Masa sa Sining at Panitikan: Mga Dokumento ng 1971 ng Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA) at Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitekto (NPAA)*, inedit ng PAKSA at NPAA, 128-63.
6. Hango ang detalye ng pagkakatatag sa di-limbag na programa ng Unang Pambansang Kongreso ng MAKIBAKA, Sampaloc University Center, 11-12 Marso 1972. Noong Pebrero 1973 tuluyang naging kilusang lihim ang MAKIBAKA. Lumahok ito sa mga rebolusyonaryong organisasyon laban sa diktadurang Marcos. Maaari ding tingnan sa Victoria Manalo, "Riding the Winds of Change: MAKIBAKA affirms commitment to women's and people's liberation in Second National Congress," *Liberation,* Nob.-Dis. 1988, 6-7.
7. Ang "Pangkalahatang Ulat" ay ang unang dokumentong bumalangkas sa mga naging simulain at programa ng MAKIBAKA sa loob ng isang taon bilang hayag na kilusan. Nabuo at napinal ito noong 18 Abr. 1971 at isinama bilang pambungad sa kanilang unang magasin na *Makibaka!*
8. Narekluta bilang MAKIBAKA bago naging isang lider-unyonista sa Rossini's Knitwear Factory si Elsa "Ka Liza" Balando. Siya ay 23 taong gulang nang masawi noong 1 May 1970.
9. Walang tiyak na pangalan ng mga makata ang nakasaad sa tulang "Mga Alay kay Ka Liza" liban sa ito'y "Handog ng dalawang MAKIBAKA." p. 46.
10. Nakatindig ang Bantayog ng mga Bayani sa Diliman, Lungsod Quezon. Itinayo ito bilang proyektong maglalaan ng pagdakila sa mga nakibakang anak ng bayan. Matatagpuan

sa gitnang bahagi nito ang Pader ng Pag-alaala o Wall of Remembrance na nagtataglay ng mga nakaukit na pangalan ng mga aktibista at kadreng nagmartir sa ilalim ng Batas Militar at diktadurang Marcos mula 1972 hanggang 1986. Pinasinayaan ito noong 30 Nob. 1992. Inakses 06 Nob. 2017, http://www.bantayog.org/about/.

11. Maaaring mabasa ang tungkol sa buhay at pakikibaka ni Ma. Lorena M. Barros sa Pauline Mari Hernando, *Lorena: Isang Tulambuhay*. U of the Philippines P, 2018.

12. Nakapaloob ang tulang "Ina" sa liham ni Ma. Lorena Barros sa kaniyang inang si Gng. Alicia G. Morelos noong 11 Hul. 1973. Mababasa rin ang kaligiran ng tulang "Ina" sa Kabanata XI ng *Lorena: Isang Tulambuhay*. pp. 155-67.

13. Di-limbag na tula, ca. 1975. Mula sa transkripsyon ng orihinal na kopyang naitabi ng lalaking kadre na nakasama ni Ma. Lorena Barros sa sonang gerilya sa Mauban, Quezon. Ibinigay sa mananaliksik.

14. Presidential Decree No. 633, "Creating a National Commission on the Role of Filipino Women," 7 Ene. 1975: "WHEREAS, the General Assembly of the United Nations has designated 1975 as International Women's Year with its central theme of "Equality, Development and Peace"; WHEREAS, the United Nations will convene during International's Women's Year an International Conference in which, inter alia, will be launched an international action-program including short and long term measures aimed at achieving the integration of women as full and equal partners with men in the total development effort; WHEREAS, the Government of the Republic of the Philippines recognizes the significant contribution of Filipino women as citizens, homemakers, workers, volunteers, as well as their increasing participation in the development of friendly relations and cooperation among nations, and the promotion of world peace; and WHEREAS, there is a need for a body to review, evaluate and recommend measures, including priorities, to ensure the full integration of women for economic, social, and cultural development at national, regional and international levels and to ensure further equality between men and women; NOW, THEREFORE, I, FERDINAND E. MARCOS, President of the Philippines, by virtue of the powers vested in me by the Constitution, do hereby create under the Office of the President a National Commission on the Role of the Filipino Women. . . ." Ang tagapangulo ng komisyong ito ay si Imelda Romualdez Marcos.

15. Ang ika-11 punto sa programa ng NDFP ay nananawagan sa "rebolusyonaryong emansipasyon ng kababaihan sa lahat ng hanay."

16. Mula sa panayam kina Liwanag at Rodrigo Balagtas (mga hindi tunay na pangalan).

17. Walang pamagat na inilagay si Lorena Barros nang sulatin sa Ipil Rehabilitation Center ang mga tulang "Ipil" at "Yesterday I Had a Talk." Nagkaroon na lamang ito ng kani-kanilang pamagat nang sabay na ilathala sa *Philippine Collegian Folio, 1975-1976*.

18. Mensaheng ibinahagi ni Silvia Madiaga sa awtor sa pamamagitan ng liham, 3 Abr. 2017.

19. Nasa wikang Ilocano ang unang taludtod. Ang salin nito sa Filipino ay ganito: "Ka Rose ang pangalan ko sa kilusan."

20. Nasa wikang Ilocano. Ang salin nito sa Filipino ay "Hindi na ako puwedeng maghukbo."

21. Detalyeng nakapaloob sa mga akda na ibinahagi ng makata sa awtor sa pamamagitan ng sulatroniko. 3 Abr. 2017.

22. Nilagyan na lamang ng pamagat na "Untitled #1" ang akda ni KD Armada sa bahagi ng sanggunian. Ipinadala sa awtor ang kopya ng kaniyang mga akda.

23. Nakasaad sa dulong bahagi ng akda ni Aniwan Malaya ang petsang 29 Hun. 2006 bilang orihinal na petsa ng pagkakasulat sa tula.

24. Pinirmahan ni Gloria Macapagal-Arroyo ang Proclamation No. 1017 noong 24 Peb. 2006 sa Malacañan Palace. Maaaring makita ang kabuuang teksto sa http://www.officialgazette.gov.ph/2006/02/24/proclamation-no-1017-s-2006/.

25. Batay sa paliwanag sa editoryal na pinamagatang "Bigo ang Oplan Bantay Laya," na nasa *Malayang Pilipina,* Hun. 2006, 1, "Ang todo-gerang kampanya na ito ng rehimeng Arroyo ay bahagi ng Operasyong Bantay Laya (OBL), isang *counter-insurgency* na kampanya na unang inilunsad limang taon na ang nakalilipas. Ngunit bigong-bigo ang OBL sa layunin nitong durugin ang *New People's Army* (NPA). Bagkus, nagsilbi ito upang higit na lumawak ang armadong rebolusyon. Ang paghahambog ng palalong rehimeng Arroyo na madudurog nila ang NPA sa loob ng dalawang taon ay tiyak na mabibigo. Ang totoo, nilabanan na ang OBL mula 2002, nanyutralisa na ito noong 2004 at nakapaglulunsad na ng kontra-atake laban dito ang mga larangang gerilya mula 2005."

## SANGGUNIAN

Althusser, Louis. "Ideology and Ideological State Apparatus: Notes towards an investigation," Abr. 1970. blogs.uoregon.edu/j610drstabile/files/2014/03/Althusser-Ideology_and_ISAsbook-1fwvmil.pdf.

Araneta, Concha. Personal na panayam. 02 Peb. 2017.

Arinto, Patricia B. "Women and Revolution: Testimonial Narratives by Women in the Philippine National Democratic Movement." MA thesis. Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1996.

Armada, KD [pseud.]. "Untitled # 1." 26 Ene. 2007. Microsoft Word file. Ipinadala sa awtor.

---. "Untitled # 6." Salin ng makata sa Filipino mula Ingles ng parehong pamagat. ca. 2004. Microsoft Word file. Ipinadala sa awtor.

Arriola, Fe Capellan. *Si Maria, Nena, Gabriela atbp.: Kuwentong Kasaysayan ng Kababaihan*. Gabriela at Institute of Women's Studies, 1989.

Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS). "Ang Kultura ng Pagpapalaya sa Kababaihan sa Rebolusyonaryong Sining at Panitikan." Pambungad na pananalita, *Ulos,* Hun. 2006, pp. 6-11.

---. *Ulos: Pangkulturang Dyornal ng Pambansa-Demokratikong Kilusan sa pangangasiwa ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) sa Pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM).* N.p., Hun. 2006. Limbag.

Balagtas, Liwanag. Personal na panayam. 27 Mar. 2017.

Balagtas, Rodrigo. Personal na panayam. 27 Mar. 2017.

*Bantayog ng mga Bayani*. www.bantayog.org/balando-elsa/. Inakses 18 May 2017.

Barros, Lorena. "Ipil." *The Philippine Collegian Folio, 1975-1976*. University of the Philippines, 1976.

---. "Rosal." ca. 1975. Microsoft Word file. Ipinadala sa awtor ng nakasama ni Lorena Barros sa Mauban, Quezon.

---. "Sampaguita." *KAMAO: Tula ng Protesta 1970-1986*. Inedit nina Alfrredo Navarro Salanga, et al., Cultural Center of the Philippines, 1987, pp. 94-95.

---. "Two Poems." *The Philippine Collegian Folio, 1975-1976*. University of the Philippines, 1976.

---. "Yesterday I Had a Talk." *The Philippine Collegian Folio, 1975-1976*. University of the Philippines, 1976.

Camagay, Ma. Luisa T. "Salud Algabre: A Forgotten Member of Philippine Sakdal. *Women in Southeast Asian Nationalist Movements: A Biographical Approach*, inedit nina Susan Blackburn at Helen Ting, National U of Singapore P, 2013, pp. 124-46.

Center for Women's Resources. *Kalagin ang Ating Tanikala: Batayang Kurso sa Kalagayan at Pakikibaka ng Kababaihang Pilipino*. CWR, 1995.

Chyna [pseud.]. "Tanaga." *Ulos*, Hun. 2006, p. 27.

De Vera, Adora Faye. "Bilanggo sa Ikawalong Palapag." *Pangarap at Hinagpis: Mga Awit ng Kababaihan*, inedit ni Aida F. Santos. GABRIELA at Institute of Women's Studies, 1991, p. 67.

---. "Desaparecido, Ilang Taon ka nang Nawawala." *Pangarap at Hinagpis: Mga Awit ng Kababaihan*, inedit ni Aida F. Santos. GABRIELA at Institute of Women's Studies, 1991, pp. 52-53.

del Fuego, Martina. "Women Vanguards." *Liberation,* Mar.-Abr. 1989, pp. 21-23.

Eagleton, Terry. *Criticism and Ideology: A Study in Marxist Literary Theory.* Verso, 1975.

Editoryal. "Bigo ang Oplan Bantay Laya." *Malayang Pilipina*. Hun. 2006, p. 1.

Ellao, Janess Ann J. "26 Years After Mendiola Massacre, Farmers Still Fight for Genuine Land Reform." 25 Ene. 2013. bulatlat.com/main/2013/01/25/26-years-after-mendiola-massacre-farmers-still-fight-for-genuine-land-reform/. Inakses 24 Okt. 2017.

Firmeza, Ruth. "Ang Kultura ay Larangan ng Digmaan." Panayam kay Ruth Firmeza ng Mainstream: People's Art, Literature, Education and Resource Center, *Liberation,* Hul.-Set. 1991, 02 Hul. 1991, pp. 33-35.

Forgacs, David. *The Antonio Gramsci Reader: Selected Writings 1916-1935* 2nd Edition., New York UP, 2000. https://ia800502.us.archive.org/21/items/AntonioGramsciTheGramsciReaderSelectedWritings19161935/Antonio_Gramsci_The_Gramsci_Reader_Selected_Writings_1916-1935.pdf.

Gramsci, Antonio. "Philosophy, Common Sense, Language and Folklore." *The Antonio Gramsci Reader: Selected Writings 1916-1935,* 2nd edition, inedit ni David Forgacs, New York UP, 2000, pp. 347-49. ia800502.us.archive.org/21/items/AntonioGramsciTheGramsciReaderSelectedWritings19161935/Antonio_Gramsci_The_Gramsci_Reader_Selected_Writings_1916-1935.pdf.

Guillermo, Gelacio. *Ang Panitikan ng Pambansang Demokrasya*. Kalikasan, 1990.

---. Pambungad. "Ang Kanayunan bilang Muog ng Bagong-Demokratikong Rebolusyong Bayan." *Muog: Ang Naratibo ng Kanayunan sa Matagalang Digmang Bayan sa Pilipinas,* U of the Philippines P, 1998, p. iii.

Guillermo, Ramon. *Translation and Revolution: A study of Jose Rizal's Guillermo Tell*. Ateneo de Manila UP, 2009.

Hau, Caroline S. *On the Subject of the Nation: Filipino Writings from the Margins, 1981-2004.* Ateneo de Manila UP, 2004.

Hernando, Pauline Mari F. "Ang Kasaysayan ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), 1970-2016." *Diliman Gender Review*, bol. 2, 2019, pp. 61-102.

---. "Ang Rebolusyonarya sa Panitikan at Kasaysayan ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), 1970-2016." PhD dissertation. Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2017.

---. *Lorena: Isang Tulambuhay.* U of the Philippines P, 2018.

Icy [pseud.]. "Babae." *Ulos*, Hun. 2006, p. 27.

Janelle [pseud.]. "Tanaga." *Ulos*, Hun. 2006, p. 27.

Jem [pseud.]. "Tanaga." *Ulos*, Hun. 2006, p. 27.

Ka Margie [pseud.]. "Sa Kahabaan ng Taft Avenue," *Malayang Pilipina,* Mar. 2005, p. 8.

Ka Pat [pseud.]. "Buhay Hukbo." *Malayang Pilipina*. Mar. 2005, p. 8.

Ka Rizalyn [pseud.]. "Kawayan." Salin sa Filipino ni Rio Roja [pseud]. ca. 2004. Microsoft Word

file. Ipinadala sa awtor.
Kasamang Chynna [pseud.]. "Ina ng Lipunan." *Ulos*, Hun. 2006, p. 14.
Kasamang Sirius [pseud.]. "Ang Tagapagsilang." *Ulos*, Hun. 2006, p. 12.
Kasamang Vitan [pseud.]. "Nay Celia, Ikaw ang Tulang Ito." *Ulos*, Hun. 2006, p. 17.
Kimuell-Gabriel, Nancy. "Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang kababaihan ng Tundo, 1946-2008." PhD dissertation. Tri-College Philippine Studies Program, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2012.
Madiaga, Silvia [pseud.]. "Awit ng Karet." *Ulos,* Okt. 2006, p. 45.
---. "Baryo Cuco, 1983." Mar. 1984. Rich Text Format. Ipinadala sa awtor.
---. "Sa Mendiola." Peb. 1987. Microsoft Word file. Ipinadala sa awtor.
Mahja [pseud.]. "Rosas ng Digma." *Ulos*, Hun. 2006, p. 26.
Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan. "Mga Aral sa Paglalagom ng Hayag na Rebolusyonaryong Kilusang Kababaihan." MAKIBAKA, 19 Mar. 1998. Ipinadala sa awtor.
Malaya, Aniwan [pseud.]. "All Out War." *Malayang Pilipina*, 29 Hun. 2006. p. 3.
Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan. *Makibaka!* 19 Abr. 1971.
---. "Mga Alay kay Ka Liza." 19 Abr. 1971. *Makibaka!* p. 46.
Manalo, Victoria. "Mainstream." *Liberation,* Mar.-Abr. 1989, p. 18.
--- "Riding the Winds of Change: MAKIBAKA Affirms Commitment to Women's and People's Liberation in Second National Congress." *Liberation,* Nob.-Dis. 1988, pp. 6-7.
Mao Tsetung. "Mga Talumpati at Palitang Kuro sa Yenan Hinggil sa Sining at Panitikan." *Rebolusyonaryong Panunuring Masa sa Sining at Panitikan: Mga Dokumento ng 1971 ng Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA) at Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitekto (NPAA)*, inedit ng PAKSA at NPAA, Kalikasan P, 1992, pp. 128-63.
Montañez, Kris. *The New Mass Art and Literature and Other Related Essays (1974-1987)*. Kalikasan, 1988.
NDFP National Executive Committee. "The Women's Struggle is the People's Struggle." *Liberation,* Mar.-Abr. 1991, pp. 12-13.
*Proclamation No. 1017: Proclamation Declaring a State of National Emergency*. 24 Peb. 2006, www.officialgazette.gov.ph/2006/02/24/proclamation-no-1017-s-2006/. Inakses 26 Mar. 2017.
Quindoza-Santiago, Lilia. *Tales of Courage and Compassion: Stories of Women in the Philippine Revolution.* Diwata Foundation at HASIK, 1997.
Regina [pseud.]. "Bagyo." *Ulos*, Hun. 2006, p. 26.
---. "Tanaga 2." *Ulos*, Hun. 2006, p. 26.
San Juan, Epifanio. *Ang Sining at Panitikan sa Rebolusyong Kultural.* Surian ng Wikang Pambansa, 1972.
Santos, Aida F. pat. *Pangarap at Hinagpis: Mga Awit ng Kababaihang Maralita.* Gabriela at St. Scholastica Institute of Women's Studies, 1991.
Sirius [pseud.]. "Braso." *Ulos*, Hun. 2006, p. 26.
Sison, Jose Ma. "Mensahe sa PAKSA Hinggil sa mga Tungkulin ng mga Kadre sa Larangan ng

Kultura. *Makibaka para sa Pambansang Demokrasya,* Amado V. Hernandez Resource Center at College Editors Guild of the Philippines, 2001, pp. 335-42.

Spivak, Gayatri Chakravorty. "Feminism and Critical Theory." *The Spivak Reader: Selected Works of Gayatri Chakravorty Spivak,* inedit nina Donna Landry at Gerald Maclean, Routledge, 1996. pp. 53-74.

Tadiar, Neferti Xina M. *Fantasy-Production: Sexual Economies and Other Philippine consequences for the New World Order.* Ateneo de Manila UP, 2004.

---. *Things Fall Away: Philippine Historical Experiences and the Makings of Globalization*. Duke UP, 2009.

Taguiwalo, Judy. "Waling-waling." *Tibak Rising: Activism in the Days of Martial Law,* inedit ni Ferdinand C. Llanes, Anvil, 2012, p. 47.

Tagumpay, Cita [Lorena Barros]. "Ina." 11 Hul. 1973. Sulat-kamay.

Vitan [pseud.]. "Tanaga." *Ulos*, Hun. 2006, p. 26.

Williams, Raymond. *Marxism and Literature*. Oxford UP, 1977.

**Pauline Mari Hernando** (pfhernando@up.edu.ph) is an Associate Professor at the Department of Filipino and Philippine Literature, College of Arts and Letters, University of the Philippines Diliman. She is also an Affiliate Faculty of the Tri-College PhD Philippine Studies Program in the same university. She is the author of *Lorena: Isang Tulambuhay* (U of the Philippines P, 2018). Her recent creative works and research on emancipatory literature, women's literary history, Philippine social movements, and cultural studies have been published by the *Diliman Gender Review, Humanities Diliman: A Philippine Journal of Humanities, Philippine Humanities Review, Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia, Anak Sastra, Kawing Journal, Luntian Online Journal,* and *Malay Research Journal*. She teaches courses on Literature and Society, Philippine Literary History, Literature, Gender, and Sexuality, Literature of the Women's Movement, and Literary Production of the Working Class. She has been a recipient of several awards including One UP Faculty Grant for Teaching and Creative Work (2019-2021), UP Diliman Centennial Faculty Grant (2020), UP Diliman Centennial Professorial Chair Award (2018, 2019), and International Publication Award (2016). Recently, she was conferred the title of UP Artist 1.